

DATOS



Mayo 1, 2022 Issue blg. 2022-1

Pagsusuri at Hamon



Neil Doloricon
Pila
2020

Nilalaman

Panalangin mula kay Fr. Wilfredo Dulay, MDJ	4
Mensahe mula sa Chairperson Prof. Rimando E. Felicia	5
Iwaksi ang mga Trapo, Tiyakin ang Boto para sa Labor Block! Prof. Nancy A. Kimuell-Gabriel, Ph.D	6
Sino ang Bida, Nasaan Ang Saya? Ang Kuwentong Jollibee ni Alyana Victor Adrian M. Sari	9
Oras Na Rene Boy Abiva	14
Si Minyong, Si Elsa at ang Solidaridad Rene Boy Abiva	15
NEIL WILL ALWAYS BE REMEMBERED AS A COMMITTED ACTIVIST, ARTIST, PROFESSOR, COLLEAGUE AND COMRADE... Prof. Nancy A. Kimuell-Gabriel, Ph.D	16
Duterte Legacy Kalbaryo sa Uring Manggagawa EILER Research Team	18
Grasya Maki Mercolita	32
Guro ng Masa si Ka Omeng Teo Marasigan	38
EILER 40 Taon ng Ekumenismo at Pakikiisa sa mga manggagawa	41

PATNUGUTAN
DATOS April/May 2022 issue

EILER BOARD OF TRUSTEES

Prof. Rimando Felicia
Chairperson
Prof. Nancy Kimuell-Gabriel, Ph.D
Vice Chairperson
Prof. Renan Ortiz
Secretary
Romeo De Jesus
Treasurer

Emily Barrey
Fr. Wilfredo Dulay, MDJ
Pr. Irma Mepico
Paul Quintos
Joselito Ustarez
Members

Rochelle Porras
Editor
Iggy Sandrino
Ryan Martinez
Issue Associate Editors

Maki Mercolita
Issue Managing Editor

Von Calma, Denver Fajnilan, Iggy Sandrino
Issue Layout Artists

Enrique Navera, Orly Putong, Patrick Avance,
Rene Boy Abiva, Victor Adrian Sari, Ivan Tan
Issue Contributors

Ang DATOS sa mga pagkilos ng mga manggagawa ay inilathala ng EILER simula July 1981 bilang tulong babasahin sa mga pag-aaral, talakayan at pagsasanay ng mga manggagaw.

Ang Ecumenical Institute for Labor Education and Research (EILER) ay isang non-stock, non-profit, ekumenikal na institusyon para sa pananaliksik at edukasyong pang-manggagawa.

Nakikipagtulungan ang EILER sa mga unyon, organisasyon at iba pang pang-manggagawang institusyon sa pagpapalaganap ng gawaing edukasyon at pagsasanay para sa mga manggagawa.

Sa ganitong diwa ay nais ipabatid ng EILER na maaaring gamitin ang nilalaman ng DATOS kahit walang pahintulot, basta't kilalanin lamang ang pinagkunan. Inaanyayahan ang lahat ng mambabasa at manggagawa na magpadala ng komentaryo at kontribusyon sa DATOS, para rin sa pagpapaunlad nito.



D4 Casal Building
15 Anonas Street
Barangay Quirino 3A,
Quezon City
datos@eiler.ph
www.eiler.ph

Hinggil sa pabalat:

Ipinakilala sa isyung ito ang bagong masthead ng DATOS. Ang pagbabago sa disenyo ay kinapalooban ng paggamit ng mga sagisag na kulay ng EILER at ang imahe ng manggagawang nagpapanday sa datos. Ang larawan ng likhang-sining sa pabalat ay likha ni Prof. Leonilo Doloricon[†], makabayang alagad ng sining, edukador.

Panalangin mula kay Fr. Wilfredo Dulay, MDJ

Panalangin ng Manggagawa

Panginoon na lumikha ng langit at lupa,
Basbasan kami ng iyong tulong at pagkalinga
paunlarin gawaing pinagsikapan at pinaghirapan
pinuhunanan ng pawis, ng luha, at ng dugo pa nga.
Bigyan mo kami ng lakas ipaglaban aming kabuhayan,
giting ipagtanggol karapatang mamuhay nang marangal,
panatilihin buhay ang pag-asa, tiwala sa Diyos at sa kapwa
buo ang loob na kayang mapagtagumpayan ang hirap at dusa.
Siya nawa. Amen.

Panalangin para sa Manggagawa

Sa araw na ito ng pagpupugay at pagkilala sa mga manggagawa
ating ipanalangin na huwag nawang mawawalan ng pag-asa
mga kapatid nating manggagawa na darating ang panahon
matitigil ang pang-aalipusta at pagsasamantala sa kanila
mapagtatagumpayan din ang kawalan ng katarungan.

Sa araw man lamang ito, kilanlin ang mga manggagawa
magbigay pugay sa mga kapatid nating nagbubungkal ng lupa
naghahalo ng semento, sa lansangan ay naglalalatag ng kongkreto
kadalasan ay walang pumapansin, bagkus madalas pa silang laitin.
Basbasan sila ng Diyos na maawain, pagpapalain at kalingain. Amen.

Mensahe mula sa Chairperson

Napapanahon at inaabangan ang isyung ito ng Datos. Inililimbag natin ang publikasyong ito sa panahong ang katotohanan ay kinukulapulan ng fake news at disimpormasyon, sa panahong nagbabantang makapanumbalik ang diktadurang itinakwil ng mamamayan sa pakikipagsabwatan ng mga pwersa ng pasismo. Napakahalaga ng paglalabas ng Datos upang umambag sa pagwawasto sa mga sadyang pinalalaganap na maling impormasyon at magbigay-babala sa mga mambabasa nito sa konsolidasyon ng pasista-diktadurang panunumbalik. Sa eleksyon ngayong Mayo 2022, ang bansa ay nasa sangandaan ng kasaysayan na maaring tumungo sa higit na pagtindi na pasistang lagim o sa kabilang banda ay posibleng mga maliliit na hakbang tungo sa liberal-demokratikong paggugubyrno. Nakikisanib ang Datos sa hanay ng mga manggagawang nakikibaka sa patuloy na kumikitid na demokratikong espasyo at mahigpit na tumutunggali sa panlilinlang at karahasan.

Noon at hanggang sa kasalukuyang panahon, ang Datos ay naglalayong magpahayag ng mga pagsusuri sa mga isyung panlipunan sa lengwahe, punto de bista at interes ng manggagawang Pilipino. Pagsusuring kaakibat na mga datos ay nilalakipin ng mga buhay na karanasan ng mga manggagawa hindi lamang para patotohanan ang pagsusuri kundi higit pa itong pagtibayin. Datos na naiintindihan at kinukumpirma sa praktika ng manggagawa at mamamayan.

Sa isyung ito, kalakhan ng mga artikulo ay nakasentro sa hamong kinakaharap ng mga manggagawa at mamamayang Pilipino sa napakaistorikal na eleksyong pampanguluhan ngayong Mayo 2022. Maraming una sa eleksyong ito, nabuo ang pinakamalawak na pagkakaisa ng iba't ibang bloke ng mga samahang manggagawa hindi lamang para isulong ang adyenda ng manggagawa kundi higit pa, ang labanan ang konsolidasyon ng paksyong Duterte at panunumbalik ng mga labi ng itinakwil na diktadurang Marcos noong 1986. Sa unang pagkakataon ay lantarang pumanig at nag-endorso ang mga unyon at organisasyong manggagawa upang malakas na itakwil ang pwersa ng pasismo.

Sa lathalaing ito, sisipatin ang mga posibilidad at ang pagpapaalala na sa anumang larangan ng pakikibaka, elektoral man o pakikibakang masa, susing elemento sa tuwina ang pagbibigkis ng malawak na hanay ng manggagawa na ibayong pinalalakas ng matibay na alyansa sa mga magsasaka at iba pang demokratikong sektor ng lipunan. Para makamit ito, kailangan pa rin ng tuloy-tuloy na paglilinaw at pagpapalalim ng edukasyon sa mga manggagawa sa iba't ibang porma at pamamaraan hindi lamang para higit na makilala ang kanilang sarili kundi matukoy din ang kanilang mga kaalyadong uri at sektor at mga pakikibakang umaangkop sa mabilis na nagbabagong kalagayan sa paggawa. Hindi mapapasubaliang ang laban ng mga manggagawa ay kaakibat ng pakikibaka ng mga demokratikong sektor at esensyal na bahagi ng pundamental na pagbabagong panlipunan.

Lalaging kakapitbisig at tapat ang Datos sa interes at aspirasyon ng manggagawang Pilipino, na sa kabila ng panunupil sa mga saligang karapatan at mas masidhing pagsasamantala ay patuloy sa paggampan sa natatangi nitong papel na likhain ang yaman ng lipunan at higit pa sa patuloy na pagpupunyagi kasama ng lahat ng anakpawis na itulak ang granahe ng pagbabagong panlipunan tungo sa lipunang kumikilala sa tunay na demokrasya --- hindi lamang sa mga karapatan lalu't higit sa kabuhayan para sa nakararami sa lipunan.

Atin ang publikasyong ito. Tangkilikin, basahin at mahalina ang Datos.

Prof. Rimando E. Felicia
Chairperson ng EILER Board of Trustees

Iwaksi ang mga Trapo, Tiyakin ang Boto para sa Labor Block!

Prof. Nancy A. Kimuell-Gabriel, Ph.D.

Hindi tanyag at impluwensiyal na pamilya ng mga politiko ang kailangan natin ngayon para guminhawa. Tama na ang bulok, tradisyunal at makasariling politika sa bansa. Panahon na para bumoto ang uring manggagawa sa tunay na kinatawan nito sa senado at kongreso. Panahon na para ipanalo natin ang uring manggagawa sa darating na halalan.

Gaano kalaki ang labor block? Pag-isipan natin ang potensyal ng ating kapangyarihan—ang kabuuang bilang ng mga nagtatrabaho ngayon ay nasa mahigit 48 milyon; nasa industriya ang 8.6 milyon, kung saan 3.7 milyon dito ay nasa manupaktura; 27.9 milyon ang nasa serbisyo, 11.5 milyon ang nasa agrikultura, at 4.2 milyon ang walang hanapbuhay. Nasa uring manggagawa at uring magsasaka ang bilang upang ipanalo ang mga tunay na kinatawan ng masa sa pamahalaan.

Panahon na para bigyang-kapangyarihan ang uring manggagawa sa Senado at tiyakin na ang mga maipapasang batas at patakaran ay maglilingkod sa interes ng masang anakpawis. Sila ang tutunggali sa interes ng mga kurakot, ng mga kroning kapitalista, ng mga panginoong maylupa at malalaking tao at

pamilya sa bansa. Mahigit 100 taon na tayong niloloko ng mga ito kung ang pag-uusapan ay mula lamang 1907 nang maitatag ang Philippine Assembly (na tinatawag nating Kongreso ngayon) at magkaroon ng mga partidong pulitikal na balimbingan ng balimbingan para tiyakin lamang na mauupo sila sa pwesto.


Ang senado at kongreso ay itinatag ng mga Amerikano para bigyan ng istruktura ang kolonyal na pamamahala sa Pilipinas. Mula 1907, ang mga naihalal na kinatawan sa Philippine Assembly (Kongreso ngayon) ay galing sa elit o mayayamang angkan. Noong 1916, nabuo naman ang Senado sa pamamagitan ng Batas Jones ng 1916. Kaya mula noon, bumoboto ang mga lalaki para sa Mataas (Senado) at Mababang Kapulungan (Kongreso). Ang kababaihan naman ay magsisimula lamang makaboto noong 1937 kung hindi pa ikinampanya ito nang husto ng mga organisasyon ng kababaihan o ng mga tinatawag nating suffragetes.

Pero mula noon, ang mga nahahalal ay galing sa may pera at makinarya, may kapangyarihan at network ng mga konserbatibo at politikal na pamilya o angkan sa lahat ng lalawigan. Tiniyak ng mga

Amerikano noon na tanging ang mga sinusuportahan nilang uri ang mananalo sa halalan dahil ito ang magiging katulong nila sa patuloy na pagkontrol ng bansa.

Sa paghahari ng dayuhang Amerikano, katulong ang mga tutang politiko ng bansa, naisagawa nila ang pinakamalupit na pandarambong sa ekonomiya ng bayan – sa pamamagitan ng di-pantay kalakalan at tuwirang pamumuhunan (at mula 1962, sa pamamagitan ng dayuhang pagpapautang). Napagsamantalahan nila ang likas yaman ng bansa, ang paggawa ng mga Pilipino na binarat nang husto ang mga sahod at tinipid sa proteksiyon para maimaksima nila ang tubo sa pagnenegosyo.

Pagkatapos ng giyera at nang mawala na ang mga Amerikano, ang gubyrno at lahat ng sangay nito ay naging pugad ng mga elit na binabasbasan ng among dayuhan. Kung hindi kapitalista o panginoong maylupa, mga tao nila ang nailuluklok at naihalal sa gubyrno. Naging posible ito dahil sa katangian ng eleksyon sa Pilipinas na magastos, marahas, nadadaya at namamanipula. Huwag nang sabihin pa, naniningil ng “utang na loob” ang mga politiko sa panahon ng halalan. Aktibo rin nilang inilalako ang mga bulok





Si Neri Colmenares ng Labor Vote.
Larawan mula Mayday Multimedia.

na ideya na sila ang “kinatawan ng masa,” “makamahirap,” “madaling lapitan,” “tagabigay ng ginhawa.” Mga katangiang madaling pinaniniwalaan lalo na kung ang sambayanan ay nahirati sa kagipitan.

Nang maputol ang malayang halalan ng mga elit dahil ibinaba ni Marcos ang Martial Law noong 1972 at sinolo nito ang kapangyarihang pulitikal, lalong sumama ang takbo ng pulitika dahil inangkin nito ang kapangyarihan at inetsapwera ang ibang paksyon ng elit. Kinitil ng marahas na pamumuno ng Martial Law ang anumang nalalabing “demokrasyang” umiiral sa bansa. Itinayo niya ang Kilusan ng Bagong Lipunan (KBL), ang sistema ng Barangay, ang Kabataang Barangay (KB) para tiyaking ang mahahalal sa lokal na gobyerno at mga baryo ay mga pulitikong kapanalig at itinataguyod ng mga Marcos. Sa



Makulay na paglahok ng sektor ng LGBTQ+ sa Mayo Uno 2022. Larawan mula sa Mayday Multimedia.

loob ng 20 taong paghahari nito sa Pilipinas, nabaon ang bansa sa utang, lumaki ang bilang ng mga walang trabaho kaya binuksan ang eksportasyon ng manggagawa sa ibayong dagat (Overseas Contract Workers na OFW ngayon), nagpayaman nang husto ang Marcoses at mga kroni nito, lumala ang karahasan at human rights violation dahil pilit nitong pinapatahimik ang mga nagsasabi ng katotohanan at nagpoprotesta laban sa kanyang mga kasalanan. Hindi lamang toryur, ang reyp ay naging sandata rin ng mga militar laban sa mga kababaihang aktibista. Ang pasistang diktadura ni Marcos ang pinakamalagim na yugto ng kasaysayan na pilit nirerebisa ng kanyang pamilya sa pamamagitan ng fake news at tahasang pagsisinungaling at panlililang.

Nang tuluyang maibagsak sa kapangyarihan ang dating diktador noong 1986, panandaliang nakahinga ang bansa sa malupit na pagpapatakbo ng bayan, napawalambisa ang mga

mapanupil na batas at nagkaroon ng bagong Konstitusyon. Subalit ang maliit na *democratic space* na ito ay naging daan din para sumigla at magsibalikan ang mga trapo at nanumbalik ang lumang pulitikang pinakikinabangan ng mga mayayaman at maykapangyarihan. Ngayon, madali nating matutukoy ang mga pangalan ng iilang polikal na angkan na nagdodomina sa politika ng bansa. Same old dogs, ika nga.

Muling naisawalang bahala ang naging makasaysayang gampanin ng uring manggagawa upang patalsikin ang diktadura. At sa mga nagdaang panahon, mas lalong naghirap ang mga manggagawang pilipino dahil ipinagpatuloy lamang ang mga neoliberal na polisiya ng kontraktwalisasyon at pagpapanatili ng sahod sa napakababang antas.

Ipinagpatuloy lamang ng rehimeng Duterte ang dating gawi na nagpahirap at lalong naglulubog sa atin ngayon sa kahirapan. Hindi niya

naisakatuparan ang pagwaksi sa kontraktwalisasyon at pagtataas ng batayang sahod ng mga manggagawa. Kaakibat nito ang mapanupil na pamamahala at pagbibigay-prayoridad at pagiging sunud-sunuran sa mga dayuhang namumuhunan sa likas-yaman at lakas-paggawa ng mga Pilipino.

Nilabanan, at patuloy na binabaka ng mga manggagawa ang matinding pagsasamantala, panunupil, at pang-aapi mula sa pagtatayo ng mga unyon hanggang sa paglahok sa mga pambansang pagkilos.

Muli na namang humaharap ang masang anakpawis sa isang makasaysayang laban ngayong darating na pambansang eleksyon. Balikan natin at pag-isipan—may kapangyarihan ang labor vote kung paninindigan natin ito. Iboto natin ang tunay na kinatawan ng lakas-paggawa sa Senado at Kongreso.

Walang ibang magdadala ng interes ng mga manggagawa at empleyado sa Senado kung hindi ang mga tunay na kinatawan ng uring manggagawa. Hindi itataguyod ng mga kapitalista, panginoong maylupa, mayayaman at mga ahente nila

ang tunay na interes ng mga manggagawa at anak-pawis. Sa kabalintunaan, palalabnawin, kung hindi man papatayin pa nga nila ito lalo na kung makakasagabal sa kanilang interes.

Higit na kinakailangan ngayon ang representasyon ng mga uring api at isang lehislaturang buong katapatang ipagtatanggol ang soberanya mula sa pananamantala ng mga dayuhang interes.

Ang magpapanalo ng mga interes natin para sa makataong sahod, sapat na proteksyon sa paggawa, wakas ng kontraktwalisasyon, sapat na ayuda sa panahon ng krisis at pagtigil sa lahat ng uri ng karahasan laban sa mga unyon ng mga manggagawa ay mga manggagawa din. Ipanalo natin ang tunay na kinatawan ng uring manggagawa sa Senado at Kongreso.

Alalahanin natin na tanging kinatawan ng uring manggagawa ang may tunay na interes na palayain ang kanilang uri mula sa lahat ng anyo ng pagsasamantala at pang-aapi.

Sila lamang at wala ng iba pa.



Si Atty. Luke Espiritu mula sa Bukluran ng Manggagawang Pilipino (BMP).
Larawan mula sa ABS-CBN News.

“Ang magpapanalo ng mga interes natin para sa makataong sahod, sapat na proteksyon sa paggawa, wakas ng kontraktwalisasyon, sapat na ayuda sa panahon ng krisis at pagtigil sa lahat ng uri ng karahasan laban sa mga unyon ng mga manggagawa ay mga manggagawa din.”



Mula sa kaliwa: Sonny Matula ng FFW, Elmer “Ka Bong” Labog, at Lana Linaban ng Anakpawis Partylist.
Larawan mula sa Mayday Multimedia.

Sino ang Bida, Nasaan Ang Saya?

Ang Kuwentong Jollibee ni Alyana

ni Victor Adrian M. Sari

Isang hindi malilimutang tagpo sa isa sa pinakakilalang food chains sa bansa ang nagpabago sa takbo ng pananaw ng isang mag-aaral patungkol sa paggawa.

Ang Jollibee ay kilala bilang isa sa mga pinakasikat na food chains at paboritong puntahan lalong higit ng mga bata. Ito ay ang kainang napamahal na sa puso ng bawat pamilyang Pilipino. Sa pagdaan ng mga taon, higit na lumalawak ang sakop ng mga establisyementong may tatak ng isang malaki at kulay pulang bubuyog na bahagi na ng lumalaki ring pamilya ng naturang negosyo. Mababakas sa mga bata ang tuwa at pagkasabik kapag naririnig ang katagang “Jollibee” na animo’y nag uunahang mga langgam sa pagpasok dito. Tunay ngang hindi na maiaalis ang tatak Jollibee sa bawat tahanan at ito’y patuloy na kikilalanin bilang nangungunang negosyo sa larangan ng food industry sa bansa. Ngayon, patuloy itong lumilikha ng ingay sa mga

itinatayo ring Jollibee stores at mga prangkisa sa buong mundo.


Ngunit para sa labing-siyam na taong gulang na mag-aaral na si Alyana (hindi niya tunay na pangalan), naging malaki ang papel ng kanyang karanasan sa paghubog ng kamalayan patungkol sa mga dinaranas na hirap sa likod ng mga ngiting sumasalubong sa mga customer ng naturang food chain. Taong 2018, si Alyana ay nasa ika-apat niyang taon sa kursong BA Communication Research, at ang kanyang pinagdaanan bilang crew sa Jollibee Tondo ay naging lunduyan niya ng panibagong perspektibo sa paggawa.

Isang masiyahing dalaga si Alyana na mayroong natatanging interes sa paggawa ng mga abubot at kung ano pang may kinalaman sa arts, crafts at design. Dito niya madalas ituon ang kanyang oras at nagsisilbi niya ring libangan kung siya’y malungkot.

Mayroong malaking espasyo sa kanyang puso ang pagkahilig sa sining at disenyo kaya naman ang mga nakakakilala sa kanya ay may masasabi sa espesyal niyang libangan na ito.

Walong buwan ang naging pananatili ni Alyana sa Jollibee Tondo branch at sa mga buwang iyon na iginugol sa pagtatrabaho doon ay aminado siyang marami siyang natutunan na higit pa sa kanyang inaasahan. Nagsimula noong ika-labindalawa ng Mayo taong 2017, siya ay naglakas-loob na tahakin ang pagiging Jollibee crew. Dito na nag-umpisa ang kanyang paglalakbay tungo sa panibagong mundo na humamon sa kanyang katatagan, prinsipyo at paniniwala.

“Unang trabaho ko yung sa Jollibee. Ano kasi ‘yun, summer noon tapos natipuhan naming magbabarkada na mag-apply tapos sa aming lahat, ako ang natanggap,” kuwento niya.



Sabay sa pagtungtong niya ng edad na labingwalong taong gulang, napagdesisyunan niyang subukan na magtrabaho. "Sa palagay ko madali lang yung trabaho dun tapos ayun nga, kumikita pa ako. Feeling ko, may libreng pagkain, kaya napili ko na magtrabaho sa Jollibee".

Bilang unang trabaho, nagkaroon ng mga inaasahan ang dalaga, ngunit hindi niya lubos maisip na agad itong mababali dahil na rin sa pagkabigla at pagharap ng tunay na galaw ng trabaho sa food chain. "Una kong expectation, libreng pagkain syempre, tapos, na marami ring benefits kasi company siya," pagbabahagi niya. Hindi niya inakala na ang mga inaasahan niyang ito ay hindi mangyayari. "Akala ko talaga libre yung pagkain tapos kahit ano pwede mong kainin dahil nagtatrabaho ka naman dun. Pero hindi, yung pagkain bawas pa yun sa sweldo mo." Sa walong buwan, hindi pa umalis din si Alyana. "Hangang eight months lang ako doon tapos hindi ko na kinaya."

Kasunod ng paunang tikim ng realidad kay Alyana, nabigyang diin niya ang mga partikular na karanasan niya sa pagtatrabaho sa Jollibee. Tulad ng ibang branches nito, buong linggo ang sistema ng kanyang pagpasok. "Hanggang linggo siya. Nagbubukas ang store ng alas-siyete ng umaga at nagsasara naman ng alas-diyes ng gabi, hindi siya 24 hours," pagbabahagi niya. Dahil dito,

sinubukan niyang pumunta sa mas tiyak na kalagayan ng tipikal na araw niya sa Jollibee. "Kapag Lunes hanggang Huwebes kaunti lamang yung tao. Kapag Biyernes naman hanggang Linggo, inaasahan na yung dagsa ng mga tao, lalo na kapag sinabayan pa ng mga parties." Maituturing niyang pinaka abalang araw ay ang Sabado at Linggo kung saan makapal na bilang ng customers ang kinakailangan nilang serbisyuhan, kaya naman hindi rin naging madali ang pag hawak niya ng mga gawain. "Ang pinaka- busy talaga ay Sunday at Saturday. Na mamanage namin pero kapag kulang kami sa crew kasi nga mayroon ding mga lumiliban, medyo mahirap."

"Mahirap na nga 'yung pinapagawa sa'yo, parang marami pang kinaltas. Hindi mo naman alam kung paano kinaltas..."

Una niyang naging trabaho doon ay ang pagiging kahera o cashier. "Sa unang dalawang linggo ko, nasa cashier section ako tapos hindi ko kinaya dahil sobrang mahiyain talaga ako noong panahong iyon dahil nga una kong trabaho ito tapos hindi ko rin gusto yung naging trato sa akin ng manager pati na rin ng mga customer. Hindi ko nagustuhan yung pagiging cashier kasi nandun lahat ng pressure kaya nagpalipat ako sa dining area. Nung nasa dining

area naman ako, napunta rin ako bilang CR-in-charge tuwing Sabado at Linggo. Meron kang susuotin na kulay asul na uniporme at ikaw ang nakatoka sa pagpapanatili ng kalinisan ng CR at ng dining area. Ikaw yung maglilinis, parang janitress," kuwento niya.

Sa mga panimulang sulyap niya sa sistema na trabaho sa Jollibee, aminado rin siyang mayroong bigat na nakapatong sa kanyang balikat at hindi ganoon kadali ang mga naging susunod niya pang mga gawain. "Sa dining area, ako lang yung babae doon at hindi talaga siya madali," sabi niya. "Parpareho lang kasi ng pagtrato doon maski yung manager kahit alam na babae ka, walang kaso sa kanya ang kasarian dahil dapat pare-pareho ng trabaho gaano man ito kabigat. Naranasan kong maglinis ng signage ng Jollibee, yung sa pinakataas ganyan. Tapos siguro ang pinakamahirap na bahagi ay yung tinatawag na charity. Yung charity kasi kapag closing na o bago ka mag-out, may tinatawag doon na CAYGO o Clean As You Go. Ang ibang tawag doon, charity," paliwanag niya. "Ibig sabihin ng charity, wala siyang bayad. Bahagi siya ng trabaho ngunit hindi ito sakop ng suweldo mo, kaya charity ang tawag. Kapag may tiyak na lugar o area kang lilinisin, susuriin pa iyon ng manager at kapag hindi pa yun lubusang malinis, hindi ka makakapag-out," pagsasalaysay niya. "Doon ako tunay na nahirapan lalo na kapag halimbawa morning

duty ako tapos may kailangan akong habulin sa klase. Buti na lamang napapakiusapan ko pa yung iba kong ka –crew na sila yung maglinis dahil alam naman nilang estudyante ako.

“Isa pang mahirap doon ay kapag closing, hanggang alas dyis lang naman ang store close, kaso minsan lumalagpas siya kapag may kumakain pa doon sa dining area kaya hindi pa kami makakapaglinis agad. Naroon pa rin yung charity kasi isang oras o higit pa yung dapat mong ilaan pabalik para masigurong malinis yung area,” paliwanag ni Alyana. “Pababalikin ka para malinis na malinis talaga. At sa tingin ko, parang nagagamit ng manager nang lubos at di makatarungan yung awtoridad nila sa amin kapag ganun. Sa bahaging iyon, doon ka talaga nila mamaliitin.” Madalas ring makarinig si Alyana ng kung anu-anong mga salita mula sa kanyang manager na tila ba hindi nakatutuwa para sa kanilang mga crew. “Minsan masasabihan ka ng manager mo na: ‘Bakit hindi pa to malinis? Anong klaseng paglilinis yan, Linis barumbado’ o kaya ‘Ano bang klaseng linis yan, ang CR hindi pa malinis.’”

Sa mga pagkakataong ganito nalulungkot si Alyana at tila ba iniisip niya na mas malala pa ang mga dadanasin niya sa mga daraang buwan. Kanyang ibinahagi na naging hamon din sa kanya ang pakikisama sa mga customer pati na sa kanyang mga katrabaho. “Medyo mahirap

talaga makipag–communicate. Mahirap makipag –usap sa mga customer na may ibang mga pananalita medyo barumbado talaga. Napaliligiran siya ng palengke at mga paaralaan. Maraming paaralan kaya maraming bata at kapag sira ang CR, papasukan pa rin yan,” dagdag niya. “Kami ang mismong naglilinis ng CR kahit na alam mo na ang iba naman, hindi naman na yun ang trabaho. Na maglinis, magkumpuni ng mga sirang gamit sa store,” sabi ni Alyana.

Sa pakikitungo sa kanyang manager at mga co-workers o katrabaho, mayroon ding mga naging suliranin si Alyana. “Pag sa co-workers, madali lang makipag –usap. Pero mahirap makipag communicate sa manager. Mayroon kasing boundaries yan, eh. Parang pinaparamdam nila na superior sila at iba yung trato nila sa mga crew na hindi nila kasundo,” pagsasalaysay ni Alyana. “Naging mahirap sa akin ang pakikisama. Doon ko mas nakita yung kahalagahan ng pagkakaroon ng tamang ugali at nagkaroon ng kahalagahan sa akin yung pag-aaral at tamang asal,” kuwento niya.

“Ang mga nandoon kasi, karamihan sa kanila hindi nakapagtapos, doon na sila diretsong nagtrabaho at may mga pagkakataon na iba sila magsalita, parang bastos ganun. May mga co-workers ako, medyo bastos sila,” pag-amin niya. “Medyo nagulat din ako noong una. Kasi alam mo na, sasabihin mo na-catcall

ka, pero kapag nandoon ka na sa sitwasyon, kailangan mo makisama kasi nagtatrabaho ka doon.”

Aminado rin si Alyana na mas naging hamon sa kanya ang makisama sa manager kaysa mga katrabaho niya. “Mas naging mahirap yung adjustment sa manager kaysa sa co-workers ko. Ang mga katrabaho ko, pwede mo naman silang hindi pansinin pero ang mga managers, sila talaga ang may hawak sa buhay mo bilang nagtatrabaho ka doon.”

Sa usapin ng sahod, nagbahagi rin si Alyana sa kanyang personal na karanasan. “Sa amin kasi, hindi siya tama. Noong una, maraming binabawas. Ang unang sahod mo, P200 lang, o kaya P300. Tapos P100 lang matitikman mo,” pagbabahagi niya. Naging mahirap sa kanya na tanggapin ito at hindi niya inakalang hindi tutumbas sa ginagawa niyang trabaho ang dapat sana’y kanyang kinikita. “Mahirap na nga pinapagawa sa’yo, parang marami pang kinaltas. Hindi mo naman alam kung paano kinaltas tapos makikita mo na lang, kinaltas na ang membership fee. Pero hindi kasi tinatala doon ang binawas sa’yo na presyo ng uniporme, mga gamit mo. Ibabawas nila yun sa’yo. Tapos may mga pagkakataon na pati pala pagkain, ibabawas pa. Hindi rin nakalagay at nakatala sa online account mo. Mayroon ding pagkaltas sa mga nasisira mong gamit, kahit di naman

ito tuluyang nasira. Halimbawa sa mop namin, mabigat ang kamay ng mga lalaki dahil mabilis dapat. Kahit todo ingat ka sa mga kagamitan, may times na masisira o bibigay silang kusa, syempre ibabawas iyon sa kung sino ang nakasira," dagdag niya.

Si Alyana ay mayroon nang kaukulang kaalaman sa mga dapat asahan ngunit hindi pa ganun kakumpleto ang pag-orient sa kanila sa pagpasok sa trabaho. "Hindi kami lubusang na-orient, nalaman na lamang naming malapit na ang sahod. Kapag nagtanong ka, doon pa lamang nila sasabihin sa iyo." Nang matanong tungkol sa kanyang mga karapatan bilang manggagawa, buong katapatang sinabi ni Alyana, "Hindi talaga ako aware kasi naroon pa lang ako sa kaisipan na basta may pera ako, okay lang kahit na ganito yung mga nararanasan ko."

"Sa loob ng Jollibee, wala naman iba pang polisiya, pero sa agency namin meron. Isa na doon na parang parte ka ng isang coop tapos mayroon kang babayaran na registration fee na P1,500. May babayaran ka, for six months sa bawat cut-off ay may babayaran kang P250. Or, kung di man babayaran, ikakaltas nila sa suweldo mo."

Ang tinutukoy na agency ni Alyana ay naging dagdag pasakit rin. "Generation 1 Agency yung pangalan. Gen 1 siya kung tawagin ng karamihan sa may bandang Ortigas," pagbabahagi ni Alyana. "Una,

delayed silang magpasahod. Halimbawa, parang tatlong araw pa bago nila ilagay sa ATM mo. Kapag nagreklamo ka sa kanila, o tumawag ka, matagal naman ang kanilang nagiging tugon," paliwanag niya. "Gen 1 ang humahawak sa mga crew. Yung ATM namin sa kanila manggagaling. At ang nagiging malaking problema dito ay matagal nila ibigay ang ATM cards. Kapag bago ka pa lang, siguro mga unang dalawang buwan mo wala pa yung ATM card, kahit ilang beses mo silang kulitin na bakit ganito o bakit ganyan, ang nangyayari ay nagiging direct cash siya at ang team leader o TL mo pa lang ang may kakayahang kumuha. Hindi mo alam tuloy kung tama ba binibigay sayo ng TL mo kasi mapapatanong ka na lang, 'Ganito ba ang sahod ko?' dahil wala ka pang ATM card. TL mo ang hahawak, hindi ikaw," paliwanag ni Alyana.

Hindi na naisipan pang i-report ito ni Alyana dahil na rin sa kadahilanang bago pa lamang siya sa trabaho at nakikita niya na dapat niyang makayanan ang mga pagsubok na ito. "Hindi sumagi sa isip ko na i-report kasi una napagtanto ko na ang mga matatanda nga sa akin dito, nagtagal sila. Ako baguhan pa lang, kaya sinubukan kong i-isolate ang sarili ko."

"Kasi sinubukan ko na ring humingi ng tulong sa mga higher authorities pero naisip ko na, business-minded sila. Wala naman silang pakialam.

May insidente na parang papagalitan ka ng manager mo sa mismong office pa. Isa yun sa mga rason kung bakit hindi na ako tumuloy. Hindi ako resigned, sa katunayan. Nag-AWOL (Absence Without Leave) ako tapos hindi ko na siya pinasukan. Naging automatic resignation o pagkakatanggal na ang nangyari," paglilinaw niya. "Kasi one time pala, binalak ko na mag-resign, kaso hindi ako pinayagan ng management. Handa na ang resignation letter ko pati na mga inaasikaso ko rin sa school, kaso nag-disapprove sila sa resignation letter ko. Hindi nila ako pinayagan mag resign. Ika-anim na buwan ko na noon sa trabaho. Aang binaggit na dahilan ay wala silang crew, kulang ang crew. Hinikayat pa nila ako na "Ber months na, may double pay, may Christmas bonus, hintayin mo na lang muna," pagbabahagi niya. "Hinintay ko talaga, hinayaan ko na lang kasi hindi talaga nila tinanggap yung resignation letter ko."

Sa ika-walo at huling buwan niya sa trabaho, doon na naging sukdulan ang pagmamaltrato at pamamahiya kay Alyana. Hindi na niya lubusan pang kinaya dahil sobra na ang pamamahiyang ginawa ng kanyang manager.

"Sa unang pamamahiya sa akin, nasa cashier ako noon. Kasi alam ko sa sarili kong nakakapag-aral ako at wala naman talagang karapatan yung manager ko na pagsalitaan ako ng kung

anu-ano. Nasa senior lane ako sa may cashier. Mahina magsalita ang customer tapos ang hirap pang i-proseso ng order kasi kailangan kabisaduhin mo. Marami pang kailangang pindutin sa monitor. Mayroon ka lamang tatlong minuto o siyamnapung segundo para i-proseso ang order. Dapat pagkatapos ng huling segundo, nasa susunod ka na na customer. Sa unang araw ko noon, hirap akong magkabisado ng mga order, tapos itatawag mo pa. May calling codes, ang hirap kabisaduhin. Sakop ng calling codes na dapat kabisado mo ang mga orders ganyan. Ang hirap kasi ay paikut- ikot ako tapos hirap pa akong magkabisado kaya nakita ko na tila nabad-trip sa akin ang manager ko," salaysay niya.

"Sinabi ng manager ko na, 'Tanga-tanga ka ba? Sa harap pa mismo ng customer. Ako, maiyak-iyak ako pagkatapos, Pampalubag-loob nang kausapin ako ng customer 'Okay lang 'yan, first day mo ano?' Isa iyon sa mga matinding pamamahiyang naranasan ko. Isa pa ay yung kapag nasa loob ng office. Papagalitan ka ng manager mo sa harap ng maraming tao. Kahit sa office, naroon halos lahat ng manager. Nakakahiya na," pabuntong-hiningang sabi niya.

"Minsan gusto ko na lamang sila sagutin kaso hindi ko masabi kasi baka ma-suspend ka rin ng halos labinlimang araw. Mahirap na," dagdag ni

Alyana.

Sa lahat ng kanyang dinanas sa unang trabaho, nanatiling positibo si Alyana at umaasa na kahit ang kanyang back-pay na hanggang ngayon ay pending pa rin ay matutugunan na.

“Tanga-tanga ka ba?’ Sa harap pa mismo ng customer. Ako, maiyak-iyak ako pagkatapos. Pampalubag-loob nang kausapin ako ng customer ‘Okay lang ‘yan, first day mo ano?’”

"Siguro, bilang una kong trabaho, sa trabahong ito nasubukan kung gaano ako katibay makisama at makipag-usap. Nakakilala ako ng maraming tao. Natuto akong makihalubilo. Sa kadahilanang ako'y nag-aaral pa, mahirap para sa akin na pagsabayin ang dalawang aspetong ito ng aking buhay. Mahirap pumasok on-time. Klase ko noon, mga alas-nuebe ng gabi. Bandang alas dyis o alas onse na ako nakakauwi sa amin. Kapag mahirap makasakay, mga alas onse. Tapos papasok ako sa trabaho ng alas-siyete ng umaga. Nagbubukas ang store kaya aayusin mo pa ang dining area. Marami pang aasikasuhin. Natuto akong mag-manage ng oras ko. Higit sa lahat, ang maging responsableng indibidwal."

Hindi pa rin naaaksyunan magpasa-hanggang ngayon ang mga naging suliranin ni Alyana bilang manggagawa. "Unang-una, hindi ko pa nakukuha ang backpay ko. Hindi pa pirmado ng manager namin. Sa huling pagkaka check ko sa ATM card, wala pa itong laman. Hindi na ako babalik doon. Hindi na talaga. Never na," sambit niya na may diin.

Naging napakahirap para kay Alyana at naging napakalaking hamon ito para makapagtapos siya ng pag-aaral. Tila ba binigo siya ng katangi-tanging slogan ng kumpanya. Naging bida nga ba si Alyana, natagpuan niya nga ba ang tunay na saya?

Oras Na

ni Rene Boy Abiva

Dinggin mo ang bulong sa bayan na yaon-
ang nakatutulig na iyak ng mga sanggol na gutom at uhaw
ang animo'y kulog na lumagapak na atungal
at alulong ng mga inang balo
habang nakaluhod sa harapan ng mga batong santo at kahoy na krus.

Nawa'y sa pagdampi ng katotohanang ito'y mabuo ang 'yong pasya
na lipulin ang mga galamay ng Haring Pugita
gayundin ang patuyuin ang bukal ng kanilang ubod nang itim na kaluluwa.

Nawa'y sa pagsanib ng naipong himutok at himagsik sa 'yong kaibuturan
ay mahanap mo ang 'yong sarili sa piling ng mga laging api.
At kung mangyari man 'tong ganap ay oras na
upang ika'y gumising sa dati mong kabaliwan
na ang hangganan ng mundo'y nagtatapos lamang
sa abot-tanaw ng 'yong hubad na mata.

Oktubre 8, 2018
Lunsod ng Queson, Maynila

Si Minyong, Si Elsa at ang Solidaridad

ni Rene Boy Abiva

Sa labis mong pagkamal ng dambu-dambuhalang tubo,
ang noo'y kulay Rosas na dugo ni Minyong
ay sing-itim na ngayon ng 'yong toyo.
Mas maitim pa sa dilim ng gabi.
Halimaw kang 'alang kaparis
ang bangis ng budhi.

'Ala na rin ang matamis na pawis ni Elsa,
pilit 'tong hinalinhan ng alat ng 'yong patis.
Alat na higit sa kanyang pawis
palatandaan ng kanyang dekadang pagtitiis
sa pagawaang ang gaya ni Elsa'y mga tabla sa lagarian
na maya't maya'y isinusungalingal
sa gahaman at matatalim mong ngipin
na gaya sa makinang pantistis.

Ang paghihirap ng gaya ni Minyong at Elsa'y nanunuot sa lalamunan
at kung gumapang paibaba sa sikmura
ay parang puputok ang puso at apdo
sa alat,
sa sakit
at sa pait!

Anong lupit mong umani ng yaman?!

At sadya ngang 'di kayang lagumin ng 'yong ketsap
ang pait sa kanilang buhay,
sapagkat sa paggawa palang nito'y
anong lupit na't halos kanilang ikamatay.

At si Minyong at Elsa nga'y nagwelga.
Marami sila.
Sa welga nila papandayin ang natitirang pag-asa.
Sa welga nila itatanim ang asam na paglaya.
Sa welga lamang nila maaani ang bunga
ng kanilang pinag-isang bisig at kaluluwa.

Hanggang sa nakiisa ang mga maralita,
kabataan, propesyunal at magsasaka.
Higit na nag-alab ang barikada
at nagbabadya sa nakumpol nilang mainit na katawan
ang 'sang bulkang nag-iipon ng lakas
at naghihintay ng tamang pagkakataon
upang pasabugin ang naipong himagsik at poot!

Ito ang solidaridad ng mga dinuhagi,
lahat ng bagay ay kanilang malilikha
lahat ng bagay ay kanilang malilikha!


Hunyo 19, 2018
Lungsod ng Queson, Pilipinas

NEIL WILL ALWAYS BE REMEMBERED AS A COMMITTED ACTIVIST, ARTIST, PROFESSOR, COLLEAGUE AND COMRADE...

Prof. Nancy A. Kimuell-Gabriel, Ph.D.

Huli ko siyang nakasama sa aking klase noong June 1st, 2021 nang imbitahan ko siyang maglektyur tungkol sa sining sa ilalim ng batas militar. Hindi siya mahirap imbitahin at kaagad siyang pumayag. Sinabi niyang ang tatalakayin niya ay ang sining-protesta sa panahon ng diktadura. Ito ang paborito kong artwork ni Neil na lagi kong ginagamit sa klase kaya maniwala kayo kung sasabihin kong every sem, kasama ko si Neil sa klase.

Masigla si Neil bagaman tila umuubo din, nagpapagawa siya ng bubong noon habang naglelektyur kaya may tunog sa background sa zoom meeting namin. Minungkahi ko pa sa kanya na isa-aklat ang itinanghal niyang lektyur sa klase ko, na nagmistulang "protest in art, art in protest" sa panahon ng diktadura. Hanggang sa huling lektura, hindi natitinag ang kanyang kritikal na paninindigan para sa bayan, para sa kaliwa, laban sa lahat ng opresyon, pagsasamantala at pang-aapi.



Pero nauna kong nakilala si Neil sa panahong naglilingkod pa ako sa LEAD (bandang 1984-1993), kung saan kasamahan ko rin doon si Mandy Felicia na Propesor na rin sa PUP ngayon, Ang LEAD ay isang ecumenical NGO na itinayo ng mga protestant denomination na nagbibigay ng political education sa mga manggagawa.

Nauna pa siyang nakisangkot sa isa pang mas maagang labor institution, ang Ecumenical Institute for Labor Education and Research o EILER na

naitatag noong 1981, 40 taon na naglilingkod sa mga manggagawang Pilipino.

Nakilala niya rito sina Manny Piers at Sr. Emelina Villegas, mga progresibong taong simbahan na nagtatag naman ng institusyon. Siya ang gumawa ng artwork ng Panimulang Aralin para sa Manggagawa at Genuine Trade Unionism, at paminsan, minsan, mga artworks para sa DATOS at TALAGAWA. Kaya makikita ninyo, matagal nang naglilingkod sa manggagawang

Pilipino si Neil sa pamamagitan ng kanyang sining.

Later on, bilang kinatawan ng akademya, naging Board member si Neil sa EILER, at hanggang bago siya pumanaw ay magkasama kami sa EILER Board. Siya ang aming Ingat-yaman sa EILER, kung saan nakasama din noon si Prof. Ed Villegas ng UP Manila. Mga 1/3 ng EILER Board ay mga akademiko, at ang iba pang bumubuo nito ay mga progresibong taong-simbahan at kinatawan ng mga tunay, palaban, makabayang lider-manggagawa tulad ni Ka Lito Ustarez.

Ayon kay Manny, naimbitahan din noon si Neil para sa isang scholarship sa sining at edukasyong manggagawa sa Belgium, ang Masereel Fund. Isang okasyong naipakita din ni Neil ang appreciation niya for "good beer," tulad din ni Ed Vil.

Mulas sa aming lahat sa EILER, sa ngalan ng Board at staff, mataas na pagpupugay kay kasamang Neil... katangitanging artista ng bayan na naglingkod sa uring manggagawa sa pamamagitan ng kanyang likhang-sining at kritikal na pag-iisip. Saludo kami sa iyo, kasamang Neil! Pinahahalagahan ka namin!

Hindi ka malilimutan at aarugain ang lahat ng iyong ambag at palalaguin pa hanggat kakayanin hanggang magtagumpay ang ating mga adhikain!

Pahinga ka na riyan sa langit, malamang may beer din!



Si Neil kasama ang mga kapwa guro mula sa UP Diliman.

Patapos na ang termino ni Pangulong Duterte at nalalapit naman ang pagluklok sa panibagong administrasyon. Kung ang mga manggagawa ang tatanungin, at anim na taon ang magiging batayan, walang idinulot na mabuti ang administrasyon para sa ekonomiya at kabuhatan.

Bago pa man ang pandemya ay pabagsak na ang ekonomiya ng bansa. Mula 6.9% na Gross Domestic Product (GDP) growth rate noong 2016, dumaos ito tungo sa 5.9% noong 2019. Sumadsad pa ito nang mag pandemya sa -9.5% nitong 2020.

Tumindi pa ang krisis sa paggawa bunga ng pandemya at ng kawalan ng sapat na suporta ng gobyerno sa mga manggagawa. Makalipas ang mahigit anim na taon, malinaw na pawang mga makadayuhan at neoliberal na patakaran ang ipinatupad at ang mga ito ay higit na nagpapahirap sa kalagayan ng mga manggagawa ang ipinatupad ng administrasyong Duterte.

Krisis sa trabaho at kabuhatan

Tahasan niyang idineklara ang layuning wakasan ang "End of Contract" (ENDO) at iba pang porma ng kontraktwalisasyon noong siya ay tumatakbo pa lamang sa pagka-pangulo. Malugod itong sinalubong ng mga manggagawa na naging malaki ang ambag sa kanyang pagkapanalo. Bago pa man maupo sa pwesto si Duterte, tinatayang tatlo sa bawat limang manggagawa sa pribadong sektor ang kontraktwal. Siyam (9) sa 10 manggagawa naman sa konstruksyon ang kontraktwal. Sa hanay mismo ng mga empleyado sa gobyerno, mayroong higit-kumulang 600,000 manggagawang napasailalim sa mga Job Order at Contract of Service. Bunga nito, milyun-milyong kontraktwal na manggagawa ang dumaranas ng iba't-ibang porma ng paglabag sa karapatan sa paggawa. 'Di nakabubuhay na sahod, kawalan ng benepisyo, at kawalan ng katiyakan sa trabaho ang ilan lamang sa mga mayor na usaping kanilang hinaharap.

Ang pangako ni Duterte hinggil sa ENDO ay nawalan ng saysay nang ipatupad ang mga malamya at walang

pangil na batas tulad ng DO 174. Ipinagpipilitan man ng Administrasyong Duterte na mga hakbang ito tungo sa pagkamit ng regular na trabaho, naging malinaw na walang pinagkaiba ang mga nasabing patakaran sa mga nauna nang ipinatupad. Katunayan, lalo pa nitong binigyang katwiran ang kontraktwalisasyon.

Sa ilalim ng DO 174, inulit lamang ang kalakhan nang nakasaad sa naunang DO 18-A. Tinaasan lamang ang kinakailangang kapital ng mga

Duterte

Kalbaryo sa Uri

*“Mahalaga at maka-
ng mga manggagawa
mga susunod na pa-
ng higit na karapa-
dignidad sa trabaho
pagbabalik ng*

e Legacy ng Manggagawa

*aysayan ang papel
awa sa pagharap sa
mahon; sa pagkamit
tan sa paggawa at
, at sa pagharang sa
g diktadurya”*

manpower agency kung kaya't sa maksimum ay nalilimitahan lamang nito ang makakapag-kontrata ng lakas paggawa. Ngunit hindi nito nagagawang alisin ang kontraktwal na paggawa sa malalaking korporasyon na may higit pa sa sapat na kapital at nakakapagtayo ng mga sariling subsidyaryo. Sa madaling salita, lalo lamang niligalisa ng DO 174 ang kalakaran na dapat sana nitong winakasan.

Bilang tugon, noong 2018, naglunsad ang libo-libong

manggagawa ng kaliwa't-kanang pagkilos upang ipaglaban ang kanilang karapatan sa regular na trabaho. Naglunsad ng kampanyang masa ang mga unyon at samahang manggagawa para sa paglaban at paghahain ng apelang nanawagan sa DOLE na imbestigahan ang mga pagawaan na nagpapatupad ng labor-only contracting. Ibinunga nito ang mga malawakan at militanteng pagkilos na yumanig sa mga kapitalista. Ikinasa ang mga welga sa iba't-ibang pagawaan, maliit man o malaki ayon sa kapasyahan ng mga manggagawa na lumaban.

Gayunpaman, noong Mayo 1, 2018, sa mismong pandaigdigang araw ng mga manggagawa, tinalikuran ni Duterte ang bersyon ng Executive Order na pinaboran ng mga manggagawa kaugnay sa pagwawakas sa kontraktwalisasyon. Sa isang tangkang panlilinlang, pinirmahan niya ang bersyon na pabor sa mga kapitalista habang nagpapahayag na makabubuti ito sa mga manggagawa.

Malala pa, mahigit isang taon lamang matapos pirmahan ang EO na ito at ipagmalaki ang kanyang tindig laban sa kontraktwalisasyon, tuluyan

nang nawasak ang anumang pagpoposturang makamanggagawa ni Duterte nang i-veto nito ang Security of Tenure Bill.

Mismong si Duterte ay aminadong walang magagawa para wakasan ang ENDO. Sa huling pagkakataon, inamin nitong hindi na kabilang sa prayoridad ng administrasyon ang talakayin pa at wakasan ang kontraktwalisasyon. Walang natupad ni-isa sa mga pangako ni Duterte sa mga manggagawa.

Jeepney Phaseout

Bukod sa kontraktwalisasyon, mainit na usapin din ang proyekto ng administrasyon na Jeepney Phaseout. Alinsunod sa neoliberal na patakaran ng komersyalisasyon at pribatisasyon ng pampublikong transportasyon, itinutulak ang patakaran sa tabing ng modernisasyon.

Tinatayang aabot sa 500,000 na drayber at 250,000 maliliit na opereytor ang maapektuhan sa naturang phaseout. Naglabas ang Department of Transportation (DOTR) ng Department Order 2017-011, o Omnibus Franchising Guidelines, na naglalagay ng mas pinahigpit na mga patakaran para makakuha ng prangkisa. Sa ilalim nito, kada prangkisa ay kailangang may minimum na 10 yunit, at kailangang pumaloob sa Fleet Management System. Sa halagang P1.6 milyon ng isang modernong jeep, hindi

kakayanin ng maliliit na opereytor na makakuha ng prangkisa. Dagdag ng grupong Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (PISTON), tanging malalaking korporasyon lamang ang makikinabang sa patakarang ito dahil sila lamang ang makakabili ng ganoon kamahal na mga sasakyan.

Makailang beses nagkasa ng mga pambansang tigil-pasada ang iba't-ibang samahan at asosasyon ng mga tsuper at opereytor. Binantaan ng pangulo ang mga drayber na ipahahatak ang kanilang mga jeep at hayaan silang mamatay sa gutom.

Sa gitna ng pandemya, lalo pang humirap ang kalagayan ng mga drayber. Umabot sa 400,000 ang napilitang tumigil sa pagpasada dahil sa paghihigpit ng gobyerno sa transportasyon at malawakang militaristang lockdown sa bansa. Limitado ang bilang ng mga pinayagang makabalik sa pasada gayon din ang bilang ng maaaring isakay na pasahero. Bagaman nakakabiyahe ang ilan ay maliit o madalas ay wala nang kinikita bunsod pa ng taas presyo ng langis at bilihin.

Matinding disempleyo sa panahon ng pandemiya

Ayon sa preliminary report ng DOLE sa pagpasok ng taong 2021, limang milyong manggagawa ang pansamantala o 'di kaya'y permanenteng nawalan ng

hanapbuhay. Mula Marso 2020 hanggang Pebrero 2021, mayroon nang 9.1 milyong manggagawa ang natanggal sa trabaho. Noong Abril 2020 ay naitala ang pinakamataas na bilang ng nawalan ng trabaho na umabot sa 7.3 milyong manggagawa. Patuloy na nagtataas-baba ang porsyento ng manggagawang walang trabaho mula 8.7% (4.2M) noong Enero 2021 hanggang 7.7% (3.73M) noong Mayo. Walang signipikanteng pag-unlad sa usapin ng disimpleyo at pabagu-bago lamang ang antas nito dahil sa kawalan ng permanenteng trabaho at matitibay na industriya na kayang magbigay ng sapat na empleyo.

Umabot sa 18.2% o 7.9 milyon ang mga manggagawang underemployed sa tala noong Pebrero 2021. Hindi signipikante ang pagbaba nito sa pagtatapos ng taon na aabot lamang ng 16.7% (Nobyembre). Nangangahulugan ito ng malaking bilang ng mga manggagawang naghahanap pa ng ibang pagkakakitaan labas sa kani-kanilang mga trabaho dahil hindi nakasasapat ang kinikita para sa mga pangangailangan.

Bigo ang gobyernong Duterte na tugunan ang pangangailangan ng mga manggagawa at mamamayan sa gitna ng matinding krisis bago pa man nanalasa ang pandemya. Lalo lamang nailantad ang kawalang kakayahan at kawalan ng komprehensibong plano nito para sa milyon-milyong


manggagawang nawalan ng hanapbuhay.

Naghihinalong kalagayan ng sahod sa Pilipinas

Barat ang administrasyong Duterte sa pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang Pilipino. Sa National Capital Region (NCR), dalawang ulit lamang nagtaas ng arawang (non-agricultural) minimum wage at nagkakahalaga lamang ng Php46. Malayo ito sa nagdaang administrasyon ni Benigno Aquino III na nagtaas ng walong beses na umabot sa katumbas na Php109. Di hamak na mas mababa rin ang record ng gobyernong Duterte kumpara kay Arroyo (binilang mula 2004 hanggang 2010) na umabot ng Php82.^[1]

Kung susuriin ang trend ng real minimum wage^[2] sa NCR mula 2010 hanggang 2020^[3], sinundan lamang ng kasalukuyang administrasyon ang hinalinhan nito. Halos stagnated o tigil ang pagtaas ng real minimum wage sa NCR sa nagdaang mahigit isang dekada.

Sa kabila ng 'di maitatangging kahirapan, nagawa pang isabatas ng rehimeng Duterte noong 2018 ang Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) Law. Sa ilalim ng batas, itinaas ng rehimen ang buwis sa mga batayang produktong kinokonsumo ng mamamayan tulad ng sweetened beverages at petrolyo. Para gawing kaayaaya ang TRAIN Law,



Higit na bumaba ang tunay na halaga ng sahod, P100 ang ibinaba, sa panahon ng pandemya. Kaugnay nito nanawagan ang mga manggagawa ng 100-peso daily wage subsidy.

Source: Philippine Statistics Authority. Base year: 2006 (for the period 2010-2017), 2012 (for the period 2017-2020)

itinaas ang pinakamababang bracket ng taxable na personal income upang umano'y dumami ang mga Pilipinong hindi na obligadong magbayad ng personal income tax (PIT). Ngunit, kung tutuusin, bago pa ang TRAIN Law, matagal nang hindi obligadong magbayad ng PIT ang mga minimum wage earners. Kung gayon, ang TRAIN Law para sa mga minimum wage earners ay pagdaragdag ng buwis na kailangan nilang pasanin.

Samantala, bumagsak pa lalo ang halaga ng sahod ngayong pandemya. Mula Setyembre 2020 hanggang Marso 2021, higit na bumagsak ang real wage o tunay na halaga ng sahod sa lahat ng rehiyon ng bansa.

Sa NCR, ang tunay na halaga ng sahod sa naturang panahon ay bumaba ng higit PhP11. Ang pinakamataas na pagbaba ay makikita sa Region II na katumbas ng higit PhP15. Sa Bicol Region naitala ang pinakamababang real wage na PhP231.17. Matamlay rin ang tugon ng gobyerno sa panawagan ng taas sahod, subsidyo, o kahit man lang ayuda. Nanatiling nakabinbin ang panawagan ng mga unyon para sa 100-peso daily wage subsidy na naglalayong mapunan ang arawang halaga ng nawala sa mga manggagawa buhat ng pagsirit ng presyo ng mga bilihan.

Nananatiling nakapako ang nominal minimum wage sa bansa batay sa huling wage order o kautusang nagpadagdag ng minimum

wage noon pang 2018-2019. Pinakamataas na sa lahat ng rehiyon ang sa NCR (PhP 537) at pinakamababa naman ang sa Bicol Region (PhP310).^[4]

Sa anim na taon ng administrasyong Duterte, bigo itong tugunan ang mga petisyon at panukalang buwagin ang mapaniil na mga wage boards at isabatas ang pagbabalik ng national minimum wage. Sa halip na makabuluhang pagtaas ng sahod, hinayaan ng administrasyon sa pabaryabaryang pagpapataas ng minimum na sahod. Tulad ng mga sinundan nito, bigo ang rehimeng Duterte na tuparin ang mga pangako nitong pataasin ang sahod ng manggagawang Pilipino sa antas na disente at nakabubuhay.

Makadayuhang ekonomiya

Lalong binigyang pabor ni Duterte ang mga malalaki at dayuhang kapitalista. Tinulak ng administrasyon ang todo-todong liberalisasyon sa kalakalan para lalong maakit ang dayuhang pamumuhunan habang pinabayaan ang mga maliliit na lokal na negosyante. Tuluy-tuloy ang partisipasyon ng gobyerno sa Regional Comprehensive Economic Partnership Agreement o RCEP na pinapangunahan ng Tsina na lalong magtatali sa bansa bilang tagapag-suplay ng murang lakas-paggawa at bagsakan ng sarplas na mga produkto ng mga dayuhan.

Kumiling si Duterte sa mga malalaking bansa tulad ng Tsina at Estados Unidos para sa dayuhang pamumuhunan at pautang. Signipikante ang inilaki ng dayuhang pamumuhunan ng Tsina na umabot na sa halagang PhP88.7 Bilyon noong 2019 na siyang pinakamalaking puhunan para sa taong ito.

Matagal nang paso ang retorika na nakakapag-dulot ng pag-unlad ang pagdagsa ng dayuhang pamumuhunan sa bansa lalo't napapabayaan ang pagpapaunlad ng mga batayang industriya at agrikultura. Habang dagsa ang dayuhang puhunan ay maliit ang ibinibigay na suporta ng gobyerno para sa mga lokal na Micro, Small, and Medium Industries o MSMEs.

Sa huling taon ng termino nito, pinapaspas ni Duterte ang pagpapatupad ng mga batas tulad ng Corporate Recover and Tax Incentives for Enterprise or CREATE Law na nagpapababa ng binabayaranang buwis partikular ng mga malalaking korporasyon. Walang pakinabang ang mga lokal na MSME dito dahil marami sa kanila ang bangkarote na para makabayad pa ng buwis. Mula rito, todo-todo ang pakinabang ng mga malalaking korporasyon sa CREATE Law na tinatayang aabot sa P251 bilyon ang dagdag na tubo para sa taong 2021-2022. Naisabatas din ni Duterte sa kasalukuyang pandemya ang mga repormang pang-ekonomiya na lalong pinahihintulutan ang tahasang pagmamay-ari ng mga dayuhan sa mga public utilities at susing industriya ng bansa.

Puspusang pinaboran ng administrasyong Duterte ang dayuhang kapital kapalit ng pang-ekonomiya at pampulitikang soberanya ng bansa. Hindi nito magawang igiit ang pagmamay-ari ng bansa sa West Philippine Sea kahit pinatunayan na ito ng pagkapanalo ng Pilipinas sa Permanent Court of Arbitration. Nakakumprumiso pa rin ang kasarinlan ng bansa sa pagpapanatili nito ng mga base militar ng US sa pamamagitan ng Enhance Defense Cooperation Agreement o EDCA. Noong nakaraan lamang, binawi nito ang kaniyang deklarasyon na ibasura ang Visiting Forces Agreement na nagpapahintulot sa rotational


presence ng mga tropang Amerikano sa bansa.

Atake sa unyonismo at papatinding pasismo


Bunga ng mga neoliberal na polisiya at pasistang atake ng gobyerno, lubhang kumitid ang demokratikong espasyo ng mga manggagawa. Patuloy ang pagliit ng bilang ng mga unyon sa bansa na pangunahing nagsusulong ng mga demokratikong interes ng mga manggagawa. Ayon sa datos ng gobyerno, 187,638 lamang na mga manggagawa ang sakop ng Collective Bargaining Agreement (CBA). Nangangahulugan na wala pang 1 sa 10 (0.73%) ng mga Wage and Salary Workers ang sakop ng CBA. Kaya bagamat sinasabi ng gobyerno na lumalaki ang bilang ng mga organisasyong manggagawa, pinapakita rin na napakaliit na porsyento lamang dito ang may kakayahang makipagtawaran o makipag negosasyon sa kanilang employer.

Sa gitna ng matinding krisis ay ibayong nagpunyagi ang mga manggagawa para ipaglaban ang kanilang sahod, trabaho, at karapatan. Tampok sa nagdaang limang taon ang mga welga at pagkilos ng mga manggagawa sa iba't-ibang panig ng bansa.

Aabot sa halos 40 ang naitalang mga welga na ikinasa mula 2016-2019. Maliban sa mga ikinasang welga, nagpatuloy din ang mga manggagawa at mala-manggagawa sa pagkasa ng iba't-ibang porma



Ang magiting na paglaban ng mga manggagawa ay tinugunan ni Duterte ng ibayong pandarahas at represyon. Marahas na binuwag ng kapulisan ang piketlayn sa mga pagawaan tulad ng sa NutriAsia, Pepmaco, Sumifru, at Coca-Cola Davao.



Pagsasalarawan ng Kilusang Mayo Uno ng mga laban ng iba't-ibang unyon sa buong bansa noong 2018. Larawan mula sa Facebook Page ng Kilusang Mayo Uno.





Mga larawan:

- [1] Welga ng mga manggagawa ng NutriAsia sa Bulacan. Larawan mula sa Mayday Multimedia.
- [2] Tagumpay ng Occupy Pabahay. Larawan kuha ni Iggy Sandrino.
- [3] Pagtutol ng mga tsuper sa Jeepney Phaseout. Larawan mula sa Bulatlat.
- [4] Welga ng mga manggagawa ng PEPMACO. Larawan mula sa Mayday Multimedia.

Sa kabuuan, naitala ang dalawampung (20) kaso ng marahas na pagbuwag sa mga piketlayn. Sinabayan pa ito ng mga kaso ng matinding harassment, intimidasyon, at red-tagging.

Nagpatuloy ang mga ilegal na pag-aresto, paghahain ng mga gawa-gawang kaso, at pagpatay sa hanay ng mga unyonista at organisador. Ayon sa datos ng Center for Trade Union and Human Rights (CTUHR), 56 na mga lider manggagawa na ang pinatay sa ilalim ng administrasyong Duterte. Mayroong 278 na biktima

ng ilegal na pag-aresto at 31 unyonista, organisador at labor rights defenders ang kasalukuyang nakakulong.

Mula nang ipasa ang EO-70 ni Pangulong Duterte noong 2018, umigting ang pandarahas laban sa mga progresibo at aktibista. Sa ilalim ng EO na ito, ang “whole-of-nation” approach ng administrasyon laban sa mga sinasabi nitong kaaway ng gobyerno ay ipinataw maging sa mga unyon at organisasyong manggagawa. Minilitarisa ang lahat ng sangay ng gobyerno, pinasok maging ang unyon ng mga manggagawa

at organisasyon ng mga magsasaka, sa pagtatangka ng gobyerno na sugpuin ang mga binabansagan nitong rebelde. Naging malaganap ang paniniktik sa hanay ng mga manggagawa sa loob man ng pabrika maging sa kanilang mga komunidad.

Sa ilalim ng Anti-Terror Law, lalo pang tumindi ang atake sa mga manggagawa. Naitala ang maraming kaso ng sapilitang pagpapasuko sa mga diumano’y kasapi ng “communist-terrorist groups”.



Welga ng mga manggagawa sa Handyman. Nobyembre, 2021. Larawan mula sa Mayday Multimedia.



Sa huling mga buwan ni Duterte, nananatili pa ring kontraktwal ang mga manggagawa. Larawan mula sa Mayday Multimedia.

Naging malaganap ang union busting, pangangialam ng militar sa usaping unyon, at red-tagging.

Maging sa panahon ng pandemya ay hindi nagpapigil ang administrasyon sa pagpapalaganap ng pasismo. Sa pangunguna ng NTF-ELCAC, higit na dumami ang kaso ng mga ilegal na pag-aresto, raid sa mga opisina at bahay, harassment sa mga manggagawa, at pagpatay. Ilan sa mga naging tampok na kaso ay ang pag-aresto sa mga organisador na tinaguriang HR Day 7 at pagpatay sa mga lider manggagawa sa Timog

Katagalugan na sina Dandy Miguel at Manny Asuncion. Sa Gitnang Luzon naman ay ipinatupad ng PEZA at PNP ang Joint Industrial Peace Cooperation (JIPCO) upang tiktikan ang mga manggagawa sa loob ng mga engklabo at pigilan silang mag-organisa.

Kalagayan ng mga Manggagawa sa gitna ng pandemya

Hindi naging sagabal ang pandemya para sa administrasyong Duterte na hayaan ang mga malalaking kapitalista na patuloy at higit na magpalaki ng tubo. Naging

paraan pa ang pandemya upang makatipid ang mga kapitalista sa isang banda, habang kumikita sa kabila. Di nakasapat ang ayuda para sa mga MSMEs na pinakaapektado ng pagdausdos ng ekonomiya. Walang mass testing para sa mga manggagawa, 'di sapat ang contact tracing, at walang malinaw na plano para sa ligtas na pagbabalik trabaho.

Neoliberal na mga polisiya pa rin ang primaryang itinutulak ng gobyerno. Sa halip na palakasin ang kakayanan ng mga manggagawa at mamamayan na harapin ang pandemya sa pamamagitan ng dagdag sahod at pagpapababa sa presyo ng mga bilihin, pawang malalaking kapitalista ang isinasalba ng gobyerno. Bukod sa ipinatupad na dagdag buwis sa porma ng TRAIN Law, inihain din sa gitna ng krisis ang CREATE Law.

Samu't-saring polisiya ang lalong nagpapahirap sa mga manggagawa. Pinakahuli sa mga ito ang No Vax, No Work/Ride na pinipigilan ang mga 'di pa bakunado na makasakay sa mga pampublikong transportasyon at makapasok sa kanilang trabaho. Kontra-manggagawa at anti-mahirap ang patakaran na ito. Walang pag-ako ang administrasyong Duterte sa kakapusan, kabagalan, at kapalpakan nito sa pagharap sa pandemya kabilang ang mass testing at edukasyon hinggil sa kahalagahan ng bakuna.

Pasistang atake at ibayong pagpapahirap lamang ang sagot ng rehimeng Duterte sa kawalan ng hanapbuhay at matinding kagutuman.

Nahaharap man sa kaliwa't-kanan panggigipit, nagpapatuloy ang paglaban ng manggagawa't mamamayan para sa nararapat at nakasasapat na ayuda at komprehensibong pagtugon sa krisis. Kagyat na panawagan ng masang anakpawis ang P10,000 ayuda para sa lahat, Paid Pandemic Leave, at karagdagang P100 umento sa sahod para sa mga manggagawa. Umiigting din ang laban para sa pagkilala sa karapatan sa paggawa at iba pang karapatang pantao.

Malinaw na sa magtatatlong taonna pagharap sa pandemya, bigo ang gobyerno na mabigyan ito ng lunas. Malinaw rin sa mga manggagawa na wala nang maaasahan pang tunay na

pagbabago. Sa katunayan, lalo lamang lumala ang kalagayan bunga ng kapalpakan at karahasan ng gobyernong Duterte.

Mga hamon sa uring manggagawa

Hindi maikakaila na hindi maka-manggagawa at maka-mamamayan ang naging pamamalakad ng administrasyong Duterte. Pinatunayan nitong wala itong pinag-iba sa mga nagdaang administrasyon na naging pabor sa dayuhan at malalaking kapitalista. Nasadlak ang sambayanan sa walang-kaparis na krisis at kahirapan. Inatake ang mga manggagawa at nilabag ang kanilang mga batayang karapatan. Patuloy ang paglala ng epekto ng pandemiya sa buhay at kabuhayan ng manggagawang Pilipino habang nananatiling kapos ang tugon ng gobyerno.

Sa huling mga natitirang araw ni Duterte bilang pangulo ay sinisikap nitong isalba ang sarili at mga kasapakat nito mula sa paniningil ng taumbayan. May pagtatangka ang administrasyon na takasan ang mga kasalanan nito sa mamamayan at manatili sa kapangyarihan sa pamamagitan ng pagtakbo ni Sara Duterte sa pagka-bise presidente.

Dagdag pa, tanda ng kabulukan ng umiiral na sistemang pulitikal sa bansa, tumatakbo sa pagka-pangulo ang anak ng diktador na si Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. Magiging malaki ang dagok sa manggagawa kung sakaling manalo ito lalo pa at ipinagmamalaki ni Marcos Jr. na muli niyang ibabalik ang estado ng bansa sa panahon ng kanyang ama. Pinatunayan ng kasaysayan na tanging krisis, kahirapan, pang-aabuso, at karahasan ang idinulot ng Martial Law at rehimeng Marcos. Sa panahon ng diktadurang Marcos naitala ang pinakamababang tunay na halaga ng sahod, pinakamataas na inflation rate, paglabag sa karapatan sa paggawa, at marami pang ibang paglabag sa demokratikong karapatan ng manggagawa at mamamayan.

Sa gitna ng mga ito, mahalagang manindigan ang mga manggagawa. Hamon sa mga manggagawang Pilipino ngayon ang ibayong patatagin ang hanay sa gitna ng walang-habas na atake, upang ipaglaban ang sahod, ayuda, trabaho, at



Pandaigdigang araw ng kababaihan. Marso 8, 2022. Larawan kuha ni Iggy Sandrino



Pagkilos ng mga manggagawa para sa Mayo Uno 2022. Larawan kuha ni Rochelle Porras.

karapatan. Kailangang mabuo ang pagkakaisa ng mga manggagawa at mamamayan upang wakasan ang pahirap na sistema.

Sa nalalapit na halalan, kailangang tiyakin na pangunahing usapin ang panawagan at agenda ng mga manggagawa at mamamayan. Kailangang maging mapagbantay sa mga tangka ng pandaraya. Masigasig na ikampanya ang interes ng manggagawa at ipanalo ang mga tunay na representante ng uring anakpawis at mamamayan. Susi sa pagbubuo ng pagkakaisa sa paninindigan at pagkilos ang edukasyon. Nag-aanyaya ang kalagayan na lalong palakasin ng mga unyon at samahan ng mga manggagawa ang gawaing

edukasyon at pag-aaral sa kanilang hanay. Mahalaga ang paglulunsad ng mga serye ng voters education upang mabigyan ng sapat na kaalaman ang mga manggagawa hinggil sa pagboto para sa kanilang mga interes.

Napapanahon ang higit pang pagtatambol sa Labor Agenda at magsilbi itong hamon sa mga kandidato na bigyang pansin at halaga ang mga manggagawa. Masugid na magsiyasat at magsuri ang mga unyon at samahan sa kalagayan ng kanilang lugar, pagawaan at komunidad upang wastong matukoy ang mga kagyat na isyu at mai-ayon ang mga plano at aktibidad na tumutugon dito at maiangat sa pambansang antas.

Dapat aktibong mahikayat na lumahok ng mga unyon at samahan ang mga kapwa manggagawa at miyembro ng komunidad sa mga napapanahong isyu at laban.

Mainam na maabot ang mga kaibigan, kapamilya, at kapitbahay upang maipaliwanag ang kalagayan ng mamamayan sa ilalim ng administrasyong Duterte na hindi na dapat maulit pang muli sa ilalim ng papalit na administrasyon.

Kailangang patuloy na patatagin ang mga unyon at samahan ng mga manggagawa. Sa gitna ng mga atake sa ating mga organisasyon ay dapat pataasin ang diwa ng mga kasapi sa pagharap sa mga laban. Mahalaga ang

pagkakaroon ng matibay na pamunuan na nangunguna sa mga gawain at makakabig ang kasapian ng mga samahan.

Susi din ang pagkakaroon ng malinaw na plano at programa na tumutugon sa kalagayan ng kasapian.

Inaasahan na higit pang titindi ang kahirapan, kagutuman, at karahasan sa mga susunod na panahon kung magpapatuloy ang pananatili sa poder ng mga Duterte at makapanumbalik ang mga Marcos. May pag-asa sa tunay na pagkakaisa at pagkilos ng mamamayan.

Mahalaga at makasaysayan ang papel ng mga manggagawa sa pagharap sa mga susunod na panahon; sa pagkamit ng higit na karapatan sa paggawa at dignidad sa trabaho, at sa pagharang sa pagbabalik ng diktadurya.

Tanging sa mapagpasyang pagkilos ng mga manggagawa nabibigyang-katuparan ang kanilang mga kahilingan at maging ang mga hinaing ng sambayanan.

Susulong at tiyak na magtatagumpay ang manggagawang Pilipino upang makamit ang tunay na panlipunang pagbabago. ❁

“Tanging sa mapagpasyang pagkilos ng mga manggagawa nabibigyang-katuparan ang kanilang mga kahilingan at maging ang mga hinaing ng sambayanan. Susulong at tiyak na magtatagumpay ang manggagawang Pilipino upang makamit ang tunay na panlipunang pagbabago.”

- Rochelle Porras, Iggy Sandrino, at Enrique Navera

[1] Datos mula sa Philippine Statistics Authority

[2] Ang Real Minimum Wage o wage adjusted for inflation ay tumutukoy sa aktwal na halaga ng sahod batay sa pamantayang presyo ng mga bilihan; Formula batay sa National Wages Productivity Commission: $RMW = (\text{highest nominal minimum wage} / \text{Consumer Price Index [CPI]}) \times 100$

[3] Ang putol sa pagitan ng 2017 at 2018 at biglang 'paglaki' ng real wage mula 2018 ay buhat ng pagbabago sa base year mula 2006 patungong 2012.

[4] Halaw sa seksyon ng 'Sahod' ng Trade Union Situationer (May 2021) ng EILER

[5] Ang nominal minimum wage ay tumutukoy sa pamantayang sahod na idineklara ng pambansang gobyerno.



Pagkilos ng mga manggagawa para sa Mayo Uno 2022. Larawan mula sa Mayday Multimedia.

Grasya

ni Maki Mercolita



Larawan mula sa Mayday Multimedia.

Nahinto sa isang sitwasyon na walang kasiguraduhan. Ito ang danas ni Tatay “Tolits,” isang biyudo at may anim na anak na ang ikinabubuhay ay bakal-bote matapos matanggal bilang kontraktwal sa isang pagawaan ng tsinelas. Marami siyang tanong at pangamba nang marinig sa de-bateryang radyo na ipinagbabawal muna ang tao sa mga kalsada dahil may kumakalat na hindi pa maipaliwanag na sakit.

Kinabukasan, isang harang na ang itinarak sa kanilang daanan papuntang lansangan. Ayon sa mga residente, paalala ito ng mga nakaunipormeng may nakaumang na baril---hindi na pwedeng lumabas. May mga sinita pang mga tambay na nais maglaro ng basketball ng mga oras na iyon. Bansag pa nga sa mga binatilyo ng ilang opisyal ng barangay sila ay

mga “pasaway”. Hindi kasi umubra sa mga binatilyo ang anunso na pawang gobyerno lang nakakaintindi.

“Jusko, ang init dito sa loob ng bahay. Yung mister ko pa wala munang pasok. sabi kasi sa kanila ng manejer ay magbabawas daw ng tao sa pagawaan para maiwasan ang siksikan,” chika ng isang nanay sa kaniyang kumare.

Balik sa labas ang magkakapitbahay. Nakadekwatro pa ang isang tatay sa labas ng bahay habang nagyoyosi. At ang isa namang nanay ay nagpapasuso ng sanggol habang walang patid na nagpapaypay karga ang bata sa ikaapat na bahay mula sa nagyoyosi.

“Hoy! ikaw bata ka sinabi ngang maligo na...” sambit ng isa pang nanay sa malikot niyang anak.

Nagpulasan ang umpukan ng mga tao sa eskinita nang bumalik ang mga armadong naka-uniporme. Sa kabila ng pananakot, mailap pa rin ang katahimikan sa komunidad na pinanday na ng siksikan, chikahan, tagpi-tagping bubungan, at ilang palapag na may marupok na kahuyan. Labas-pasok ang siklo ng mga taga-eskinita. Para sa kanila, gaano man kahaba ang paliwanag sa balita tungkol sa kumakalat na sakit, milagro lamang ang kanilang panangga. Tinanaw naman ni Tolits sa siwang ng kanilang pinto ang pagkakataon na sa makalawa ay mawawala rin ang harang at babalik muli ang lahat sa normal.

“O, ‘nak! Bawal lumabas sabi ni Kap. May sakit daw na kumakalat. Kaya wala muna sa inyo gaanong lalabas. Isara

niyo lagi ang plastik ng bintana para hindi makapasok ang sakit," payo ni Tolits sa mga anak.

Makalipas ang ilang araw na patintero ng mga residente at awtoridad, ang siyang namang pagkaubos ng ilang de-latang naipundar ng kakarampot na kita ni Tolits sa kalakal bago sila ikinulong na walang kasalanan. Tatlo sa anim na anak ni Tolits ang dalawang beses na lang sumubo ng pagkain para tipirin ang ilang de-lata at isang supot ng bigas na ibinigay ng barangay bilang tulong. "Tiis lang," sambit ng isang politiko sa balita sa radyo na ginamit din ni Tolits sa kanyang pamilya.

"Malalagpasan natin ito mga anak, kaya tiis lang tayo".

Sa paputol-putol na boses ng radyo, muling ipinaalala ang kahalagahan ng paghihiwalay upang maiwasan ang sakit na nakakahawa. Subalit, hindi alintana nina Tolits ang paalalang ito. Hindi kasi epektibo sa isang espasyo na pinatungan lang ng tagpangyero at putol na mga kahoy na inihalintulad lamang sa pangarap na bahay. Bagaman may kahinaan na ang radyo, para sa kanila ito ang tenga nila sa mga nangyayari sa bayan. Putol-putol man ang tunog, maraming balita pa ang kaya niyang iparating: labanan ng pulis at demonstrador, patayan sa kalsada at sakahan, utang sa ibang bansa, anomalya sa gobyerno, at digmaan sa kanayunan. Para kay Tolits,

kumakalam man ang tiyan nila dahil sa kagutuman ay busog naman ang kanilang tainga sa pakikinig ng balita.

Binalot ng ingay ang eskinita, takbuhan ang mga magkukumare sa isang lugar para magchikahan, nakarating kasi sa kanila na mamimigay daw ng grasya sa munisipyo kinabukasan. Naiyak at natuwa ang ilan, gaya ni Tolits na daig pa ang nanalo sa lotto. Pangarap niya na kung sakaling papilahin ang anim niyang anak ay kaya na nitong malagpasan ang banta ng sakit.

Hindi sila mapakali, ang iba ay naliligo pa at paghahanda sa anumang pagbabago ng oras ng bigayan. Hindi pa man tumitilaok ang manok ay abala na sa paghahanda ang mga tao sa eskinita.

Pagsapit ng alas-kuwatro ng madaling araw, tulong-tulong na ang mga residente na itabi ang mga harang sa daanan. Bagaman malayo ang pupuntahan ay determinadong maglakad at pumila ang mga ito. Alas-syete nang nakatapak sina Tolits sa pila, dagsa ang mga ngiti at tagaktak ang kanilang pawis sa ilalim ng araw para sa inaasam na "grasya."

"Grabe mare, parang game show itong proyekto ng munisipyo pinipilahan nang bongga para manalo ng grasya," mainit pa sa pandesal na chika ng magkumare sa pila.

"O... anak ganito, kapag ipinalagay agad ang pangalan

sa papel... 'pagkatapos mo, isunod mo agad ang pangalan ng iyong mga kapatid at inay. Huwag kang papayag na may makasingit pa sa'yo sa pila," sambit ng nagkukumahog na magtatay sa pila.

Nasa pila na rin sila Tolits kasama ang mga kapitbahay nito. Tagaktak ang mga pawis buhat ng mahabang lakaran at tirik na araw. Tawanan pa ang grupo nang makita ang tsinelas ni Tolits ay hindi magkaparehas at pigtal pa ang isa. Napakamot sa ulo si Tolits ng naka-ngiti dahil ano pa man ang nangyari ay nakarating sila sa pilahan bitbit ang pag-asang umahon sa kagutuman.

Magtatanghali nang mag-umpisa ang pagsagot sa papel ng grasya. Malayo pa si Tolits sa natatanaw na mesa, ngunit ang sayang nadarama nito ay halos lagpas na sa proseso. Panay ang galaw ng mga daliri ni Tolits. Sipol kaunti, at galaw ng mga binti. May lumapit sa pila na nakaunipormeng may baril para paalalahanan silang dumistansiya sa isa't isa. Banta pa nga sa kanila na kapag hindi sila nag suot ng face mask ay paalisin sila sa pila. Dali-daling hinubad ni Tolits ang kaniyang damit para itakip sa kanyang ilong at bibig.

Agaw pansin ang ginawa ni Tolits kaya ay pinarisan ito ng kalalakihan. Marami sa mga nakapila ay inuubo na, ang iba naman ay todo takip ng ulo dahil sa matinding sikat ng araw. Patong-patong na ang boses sa pilahan.

Ang paglapit ng kawani ng munisipyo sa pila ang siya namang ingay at hindi magkamayaw na tao para pakinggan ang anunsyo.

"Mare, tingin ko gagawan na ng paraan ang pila. Nakita na siguro ni Mayor na dapat ay mabilis maibigay sa atin ang grasya. Oo nga, alam ko namang mahal tayo ni Mayor para saan pa ang kaniyang posisyon kung hindi naman siya maglilingkod sa atin 'no,' bulungan ng magkumare.

Halos makurot pa ang braso ni Tolits ng tao sa kaniyang likod dahil sa inaabangan na anunsyo.

Subalit ang anunsyo pa'y para lamang putulin ang pila pagdating ng hapon dahil sa limitadong oras, at sa kasawiang palad ay kasama si Tolits sa babalik. Payo ng naka-uniporme, "bumalik bukas o sa susunod na araw."

Hindi ininda ng mga taga-eskinita ang hirap at pagod, para sa kanila ang grasya ay pinaghihirapan. Umuwi na ang ilan, ang iba naman ay tinangkang matulog sa paligid upang mauna kinabukasan. Ngunit ang inaasam na ginhawa sa pinipilahang grasya ay sa kulungan ang bagsak. Nagkagulo matapos pagdadamputin ng mga naka-unipormeng may baril ang mga pamilyang natulog sa paligid para lang mauna sa pilahan.

Banat pa nga nila sa mga nahuli "mga pasaway talaga kayo,

kaya hindi kayo umaasenso e," ang ilan pa sa nasangkot sa gulo ay nasugatan buhat ng magkatakbuhan.

"Bawal ang tao sa kalsada pagsapit ng alas-sais ng gabi mga pasaway!"

Inutusan ng mga nakaunipormeng may baril ang mga ayaw pa ring umuwing pamilya na lisanin na ang lugar. Marami kasi sa mga nagtiyagang pumila ay naglalakad lang mula sa malayong mga barangay.

"Sir, baka naman pwedeng dito na kami matulog. Magtatakip na lang kami ng mukha. Sige na sir," sambit ng nagmamakaawang ale.

"Misis, bawal po talaga. Ordinansa po iyan ng pangulo ng bansa. Bawal na ang tao kapag gabi dahil lalong kakalat ang sakit," buwelta ng nakauniporme.

"Wala namang mawawala kung susunod tayo. Isa pa, gusto lang ng mga General na mapabuti kayo kaya tuwing gabi ay magtago na lang muna kayo. Okey?!" bulalas ng isa pang nakauniporme.

Ilang linggo ang umulit sa pila nang sama-sama, para kay Tolits, bahagi lamang ito ng hirap na may ginhawang kapalit. Sa muling pagbubukas ng daanan sa eskinita ay pagdating ng balita na pansamantalang titigil ang pila ng grasya. Tulala si Tolits nang marinig ang anunsyo.

Inaabangan na umano ng munisipyo ang susunod na orasyon ng grasya. Marami kasi sa pondong inilaan dito ay parang kumakalat na sakit sa bansa ---hindi makita. Kung kaya ay kailangan na muling abangan na lang ang susunod na anunsyo.

Kinabukasan, hinampas ni Tolits ang malaon nang pumanaw na de-baterya nilang radyo. Wala na namang boses na lumalabas. Pakay ni Tolits na pakinggan ang noon ay usap-usapan na sa kanilang lugar na sasagutin ng pangulo ang hinaing ng taumbayan. Dinukot niya ang baterya at sinubukang pukpukin ng martilyo baka sakaling umubra. Nang ibinalik ni Tolits ang baterya ay muli itong gumana ngunit putol-putol na tinig ang lumalabas sa radyo.

"Lalabas na ang ating pangulo," tinig ng tagapagsalita mula sa radyo

"Putang ina... mga pasaway na mahirap...wala akong... kung pagpapatayin... mga komunista... (putol-putol na tinig) NPA...kasalanan nila... mahal ko kayong lahat...siraulo kayo...pasaway...pipirmahan ko...uutang tayo ulit...kaibigan natin Tsina...mga baril...US... salot na NPA...tumutulong... magsasaka terorista...kung aktibista ka...magtago ka na... mga sundalo at pulis...kalsada... lugar...hulihin...patayin... obosin...imbestigahan natin... ikulong...ako bahala sa inyo... isara istasyon...batas...militar... kung ayaw...niyo sumunod..."

Hindi mawari ni Tolits ang mensahe ng pangulo. Sinubukan nitong lumabas ng kanilang bahay para humanap ng signal. Habang patuloy na pinapakinggan ni Tolits ang putol na tinig sa radyo ay sinalubong na siya ng napakalakas na sigawan ng mag-asawa na nasa ikatlong bahay mula kila Tolits.

“Pu**** ina mo! Wala na tayong makain, sugal ka pa nang sugal! Wala kang kuwentang ama! Ilang taon mo nang pangako sa amin na iaahon mo kami sa hirap pero hindi naman natutupad!” tinig ng babae sa kaniyang asawa.

Nabasag ang boteng hawak ng lalaking inaaway ng asawa. Pinupukpok naman ni Tolits ulit ang radyo habang nakatingin sa nag-aaway na mag-asawa. Habang nag-aabang sa anunsyo ng pangulo tungkol sa grasyang inaabangan ng madla.

“Gago! Paano ko matutupad iyon, e tinanggal na ako ng agency namin! Lintik ka! Hindi mo man lang naisip na wala pa sa minimum ang suweldo ko at babawasan pa ng animal na agency namin! Hindi ko kasalanan na tatlong buwan lang ako sa pagawaan!” bwelta ng lalaki sa kaniyang asawa.

Muling lumabas ang boses ng pangulo sa radyo ni Tolits, “Gunggong, magtago na muna kasi kayo para mawala na yung bayrus...rali kayo nang rali sa ayuda at bakuna, hindi naman kayo eksperto. Maghahalal ako ng Militar para tumao sa mga

ospital,” bulalas ng pangulo sa mga raliyista.

Na Kulot ang noo ni Tolits sa mga narinig. Para sa kaniya kung anuman ang ibig sabihin ng bakuna at ayuda na ipinaglalaban ng mga raliyista ay baka naman hindi agad dapat kinukuha. Panatag si Tolits sa isinambit ng pangulo na may sandamakmak na mura at galit sa mamamayang umalma sa nangyayari. Umaasa si Tolits na bago matapos ang sermon ng pangulo ay paglilinaw ito at kagyat na tutugon ukol sa grasyang ikinalat sa buong bansa.

Matapos ang isang oras na paghihintay ni Tolits, wala itong napala. Ang tila pag-asang malinawan sa nangyari ay nabalot muli ng pagtataka at hinuha sa mga bagay na ngayon lang nito narinig. Ingles at napakahaba ng mga termino kasi ang nagtapos ng pahayag ng pangulo. Bagaman nanlumo sa mga naririnig ay determinado pa ring bumalik ang mga magkakapitbahay sa pila ng grasya alang-alang sa nagugutom nilang pamilya.

Makalipas ang urong-sulong na anunsyo ng gobyerno ukol sa orasyon ng grasya ay tatatamasain na ito nang buong-buo ng magkakapitbahay.

Matapos ang isang linggo ay binulabog ng anunsyo ang kahabaan ng eskinita ukol sa nagbabalik na pa-grasya. Dali-dali silang pumunta sa

munisipyo. Hinati-hati ang listahan ng mga pangalan kada-araw para hindi na magbanggaan ang isa’t isa sa pinipilahang grasya. Isa si Tolits sa napili.

Hindi nalusaw ng mainit na panahon ang determinadong si Tolits na nakapila. Ilang tao na lang ay makakalapit na ito sa inaasam na proseso. Ilang yarda na lang mula sa kinatatayuan ni Tolits nang mag buntong hininga pa ito at napangiti sa mesang may nakapatong na mga papel. Ayon pa kay Tolits, ‘di bale nang magutom at mahirapan basta matapos ang proseso at makamit ang pangarap ay sulit na ang kaniyang pagod.

Mainit ang pangangatawan ni Tolits noong araw na muli itong pumila, nanlalamig at halos nananakit ang kasukasuan ngunit hindi niya ito ininda dahil batid niyang ang pag-alis sa kalagitnaan ng pila ay katumbas ng kamatayan ng isang dukha.

“Pare, may sakit ka ata,” sambit ng kasama ni Tolits sa pila nang tapikin nito ang balikad ni Tolits.

“Di pare, gutom lang ako kaya naubo,” tugon ni Tolits.

Matapos ang dalawa sa harapan niya ay lalo itong kinabahan at binabalot ng tuwa walang ubo-ubo sa malapit nang makatanggap ng grasya. Hapon na nang narating niya ang mesa, nagpasalamat pa ito sa kaniyang kaharap nang matapos sa paglagda.

Ilang minutong binulatlat at hinanap ang pangalan ni Tolits sa makapal na listahan ng assistant.

“Mam, pakitignan lang ho ulit. Matagal na akong nakatira sa Barangay namin kaya dapat nariyan ang pangalan ko,” tugon ni Tolits sa nag aayos ng papeles.

“Mister, wala ho talaga dito. Kung gusto niyo bumalik na lang kayo bukas. Ngayon ay pumunta muna kayo sa inyong barangay at ayusin ang impormasyon nito doon,” sagot sa nag-aalala na si Tolits.

Nanginginig ang mga tuhod ni Tolits. Panay ang kamot sa likod ng ulo at halos mabali ang hawak na ballpen dahil sa inis na nadarama. Halos gumuho ang mundo ni Tolits nang sabihin sa kaniyang wala talaga ang pangalan nito sa rekord. Mahinahon pa nitong ipinahanap muli ang pangalan, subalit ang tugon ay bumalik na lamang ito para maiayos ang papeles.

“Ganito ba talaga kami kamalas?” nanlulumong sinabi ni Tolits.

Tanaw palayo sa mesa ang malungkot at halos pinatay nang dukha na si Tolits sa gitna ng krisis. Tanda ng pawis na pumatak sa sahig ng pilahan, sa ilalim ng matinding sinag ng araw at mabagal na proseso ng “grasya” ang katayuan ng mga katulad ni Tolits--- hindi iniinda ang hirap, ngunit unti-unting namamatay nang salat.

Papalayo na sila Tolits sa pila habang naluluha sa nangyari. Iba-ibang mukha ang nasisilayan ni Tolits habang naglalakad sa gilid ng mga nakapila. Tagaktak ang pawis niya habang nanginginig sa gutom. Napahinto pa ito at biglang napayuko. Mahigpit itong nakahawak sa kaniyang mga tuhod at tila babagsak sa pagkahilo. Nilapitan pa ito ng ilang mga nakapila para kumustahin ang kaniyang kondisyon. Napahawak sa balikat ng mga nakaalalay sa kaniya at pabulong na isinambit ang, “Isang buwan ang binuno ko sa pila para lang makamit ito. Pasensya na mga anak”.

Sa hindi kalayuan ay may magandang loob na inabutan ito ng pagkaing pansit. Nakaplastik at maraming gulay. Subalit, uuwi pa rin siyang walang dalang grasya. Habang nadidinig ang payo ng mga nakauniporme sa paligid: “Pakiayos ng pila, sa mga hindi nakatanggap bumalik sa susunod na orasyon.” “Magsuot ng face mask! Mag alcohol... Bawal ang dikit-dikit”.

Ilang kalye na lang bago makarating sa bahay nila Tolits ay nabitawan nito ang pansit. Sumabog ang plastik at nabawasan ang ilang gulay na sahog nang kumalat ito sa sahig. Agad na dinampot ni Tolits at muli itong ibinuslo sa plastik.

Hindi magkamayaw ang kaniyang mga anak nang makita si Tolits na nakatayo sa pintuan at may dalang pansit.

“Tay, ang sarap niyan ah... kalian tayo bibili ng pagkain?” “Gutom na kami ‘tay”.

Nang mailapag sa umuugang lamesa ang pansit ay sinunggaban agad ito ng mga anak ni Tolits. Mabato man ang kanilang kinakaing pansit ay hindi na ito naging batayan pa ng alinlangan. Habang si Tolits naman ay nakatanaw sa kaniyang halos nag-umpugan na parang mga pusa ang mga anak dahil sa nilalamutak na pagkain.

“Mga anak, pasensya na kayo ha... ayan lang nakayanan ni tatay. Sa susunod pramis, makakain na kayo nang marami,” malumanay na sinabi ni Tolits.

“Okey lang iyon ‘tay...pero sana naman sa susunod damihan ni Mayor ang pansit nakakabitin kasi. At saka sana may pera naman sa susunod ng ipamimigay na grasya,” pangarap ng isang anak ni Tolits.

Itinulog na lang ni Tolits ang nararamdamang sakit ng dibdib. Hindi nakakain sila Tolits ng hapunan dahil wala naman talaga silang hapunan. Tiwangwang ang plastik ng kakarampot na pansit sa kanilang lamesa, habang tabi-tabi ang mga anak nito na natutulog sa lapag.

Kinabukasan, may umpukan ng mga kapitbahay sa labas nila Tolits at may dalang mga kahoy at ilang pirasong ninakaw na kisame sa tiwangwang na

gusali sa ikalimang kalye mula sa eskinita. Tulong-tulong ang mga kasama ni Tolits sa pila ng grasya para gumawa ng kahon na kasing tangkad ni Tolits.

Binuksan ng anak ni Tolits ang radyo nila habang abala ang mga kapitbahay nila sa pagpukpok ng mga kahoy.

“tskkkkktsk.... *tunog ng radyo. nauwi sa marahas na dispersal ang isinagawang protesta ng mga grupo ng maralita sa paanan ng Mendiola. Sigaw nila na bumaba na sa puwesto ang pangulong tinawag nilang bayrus,” balita mula sa radyo.

Pagdating ng hapon, tapos na ang kinumpuneng mga kahoy ng magkakapitbahay at ipinasok na ito sa bahay, maliwanag na rin ang dati’y madilim na tahanan nila Tolits. Nakatitig lang ang mga anak ni Tolits sa mukha nito. Ang isa naman ay napakapit pa sa kahoy na nakalatag sa sahig. Parang bertdeyan naman ang ganap sa labas nila Tolits may mga nag-chichikahan habang nakaupo.

“Tay, maraming nang barya at tig-bebente sa garapon, tulong ng mga kapitbahay,” tinig ng isang anak ni Tolits habang nakatitig sa kaniya.

Pantay na ang paa ni Tolits nang matanggap ang grasya mula sa kaniyang mga kapitbahay. ❁

Guro ng Masa si Ka Omeng

ni Teo Marasigan



Larawan mula sa Mayday Multimedia.

Nitong Disyembre 4, pumanaw si Romeo “Ka Omeng” de Vera, edukador at guro ng mga manggagawa at masa, sa edad na 74. Nitong huli, nakilala siya ng mga manggagawa bilang istap ng EILER o Ecumenical Institute for Labor Education and Research, NGO na laan sa edukasyon ng mga manggagawa -- pero mahaba ang kasaysayan niya ng aktibismo.

Ayon sa isa niyang anak, ipinanganak noong Oktubre 27, 1947 si Ka Omeng sa mga magulang na laking-Pangasinan pero tumungong Kamaynilaan para magtrabaho at buhayin ang limang anak. Umabot sa nakakababang panggitnang uri ang kanilang pamilya dahil nakapagtayo ng security agency ang kanyang mga magulang, pero hindi nagtagal.

Dalawang taon siyang nag-aral ng pre-med sa University of Santo Tomas. Umalis siya rito para mag-aral sa isang Bible school at magsanay na maging mangangaral na Pentecostal. Bunsod ng mga reyalisasyon sa buhay, umalis din siya sa naturang paaralan at nagtapos ng kursong Psychology sa Philippine Christian University.

Noong unang hati ng dekada 70, pumasok siya sa Unilab, kumpanya ng gamot, sa trabahong tinatawag ngayon na sales representative, at nagkaroon ng kaunting alwan ang pamilya. Sa ikalawang hati ng dekada, naging propesor siya sa General Araneta University Foundation o GAUF, kung saan siya mananatili hanggang 1988.

Sa GAUF, naging dean of student affairs siya. Psychology ang itinuturo niya noong una pero paglaon ay

napunta na siya sa kanyang hilig -- Kasaysayan at Rizal. Dito na siya naging aktibista sa hanay ng mga guro. May mga naging estudyante siya na nagpapatotoo sa Facebook na nagtuturo siya ng Lipunan at Rebolusyong Pilipino (1971) ni Amado Guerrero sa klase. Naging kasaping tagapagtatag siya ng Alliance of Concerned Teachers o ACT noong 1982, at kumilos din sa Teachers Center of the Philippines.

Pagkatapos sa kilusang guro, kaakibat ng lumalalim na paninindigan, ay lumipat siya sa kilusang magsasaka. Naging bahagi siya ng mga NGO na Forum for Rural Concerns at Peace Foundation.

Tumungo siya sa Mindanao para direktang lumahok sa pag-oorganisa ng mga magsasaka at Lumad. Naging bahagi siya ng PAPAWI at iba pang NGO at organisasyon. Dito niya inilaan

ang buong dekada 90 at unang hati ng dekada 2000. Noong dulo, naging bahagi siya ng pag-oorganisa ng mga manggagawa ng plantasyon ng Dole sa Polomolok, South Cotabato. Paborito niyang ikwento ang pagkilos sa Mindanao at ipakita ang mga larawan niya rito.

Pagkatapos, bumalik siya sa Kamaynilaan at ipinagpatuloy ang aktibismo sa kilusang paggawa. Noong una, naging istap siya ng Public Information Department ng sentrong unyong Kilusang Mayo Uno o KMU. Mas naging malinaw sa kanya na ang gusto niyang gawain ay pagtuturo, higit sa pagsusulat. Sa puntong ito na siya lumipat sa EILER, kung saan niya inilaan ang mahigit isang dekada.

Sa huling bahagi ng buhay niya, nakilala ng maraming manggagawa at maralita si Ka Omeng bilang guro o edukador. Naging paborito siyang instruktur ng mga unyon ng manggagawa, kapwa independyente at progresibo, sa iba't ibang pag-aaral -- unyonismo man o mas masasaklaw na paksa.

Naging suki siyang imbitahin sa mga pag-aaral, at napapadayo siya sa kung saan-saan at nang ilang araw para magturo. Minsan, maliit na grupo, minsan tila klase, at minsan ay malaking pagtitipon. Hindi lang daan-daan, kundi libu-libo, ang mga manggagawang napatapos niya sa iba't ibang aralin.

Isa siyang lean, mean teaching machine, kumbaga.

Isang karanasan ang maging guro sa pag-aaral si Ka Omeng. May team-building activities, maraming pampasigla. Direkta sa mga mayor na punto, malinaw ang pagkakalahad, matalas sumagot sa mga tanong, halatang maraming beses nang nagtalakay sa iba't ibang grupo ng estudyanteng manggagawa o maralita. Laging may PowerPoint siyang handa, at isa sa makikitang laging bitbit niya sa paglalakad ang LCD projector.

Ang totoo, hindi mapapag-usapan si Ka Omeng nang hindi mababanggit ang kanyang tatak na PowerPoint. Maraming imahe at larawan, at pili ang mga teksto. May siste at may katatawanan. Isang organisador ang nagsabi, "Makikita mo sa mga PowerPoint niya iyung mga nauna niyang estudyante. Pagkatapos, kayong estudyante, masasama na rin sa susunod na PowerPoint."

Ma-biswal na tao si Ka Omeng. Lagi niyang dala ang kanyang kamera para sa pagkuha ng larawan sa mga pag-aaral at aktibidad. Pampalipas-oras niya ang manood ng pelikula, at madalas din siyang mag-screenshot ng magagandang eksena. Nang mapunta siya sa Facebook, nawili siya sa mga memes at infographics. Marami sa mga imahe at larawang ito, inilalagay niya sa kanyang mga PowerPoint at pagtuturo.

Parang ang gaang-gaan lang pakinggan. Pero ang mga itinuturo niya, lalo na sa mga unyon ng KMU: Kurso sa Tunay, Palaban at Makabayang Unyonismo; kasaysayan ng kilusang paggawa, atakeng neoliberal sa kilusang paggawa; Sahod, Presyo at Tubo ni Karl Marx; Imperyalismo ni Lenin; at iba pang malalim na pag-aaral.

Buo ang tiwala ni Ka Omeng sa mga manggagawa, na mauunawaan nila ang pinakasulong na kaisipan sa pagsuri at pagbago ng lipunan -- pero ikinukumbina niya rito ang pagiging malikhain at mahusay sa pagtuturo.

Syempre pa, ang mahuhusay na guro ay mahuhusay ring mag-aaral, at hindi kaiba si Ka Omeng. Kung wala siyang kapaguran sa pagtuturo, walang kabusugan din siya sa pag-aaral at pagkatuto. Laging nasa porum tungkol sa iba't ibang isyu, laging nasa mga talakayan sa piketlayn at opisina. Matamang nakikinig sa mga tagapagsalita, minsang nagtatanong para maglinaw ng mahalagang usapin. Nakikinig sa programa sa mga rali. Laging nagbabasa.

Ayon kay Rochelle Porras, executive director ng EILER, inaaral ni Ka Omeng noong pumanaw ang digitization ng maraming materyal sa mahusay na aklatan ng EILER tungkol sa mayamang kasaysayan ng kilusang paggawa. Inaaral rin niya ang motorsiklo at pagmomotor,

dahil malaganap na itong moda ng transportasyon ng mga manggagawa.

“Kahit saan siya makarating,” ani Porras, “may inaaral siyang bago at isasangkap sa gawaing edukasyon. Estudyante rin siya ng masa, mula sa pinakasimpleng bagay hanggang sa makabago at kumplikado -- buhay na patunay ng tuluy-tuloy na pagpapaunlad sa sarili at pagpapanibagong-hubog.”

Sa pagkilos niya sa kilusang paggawa, nakasama niya sa silid-tulugan ang maraming organisador, manunulat at alagad ng sining sa kilusang paggawa -- kasama na ang manunulat at iskolar ng bayan na paglaon ay namatay na kasapi ng New People’s Army o NPA sa Mindanao na si Wendell Gumban.

Kilala ng mga kasama niya sa kwarto si Ka Omeng na karaniwang pa-hatinggabi matulog, maaga gumising, at nasa oras sa mga lakad. Bagamat maragsa kumilos, tahimik siya sa kwarto, umiiwas makaistorbo sa iba. Mabilis siyang mag-abot ng request na dokumento, at laging handang makipagkwentuhan. Wala siyang bisyo, maliban sa pelikula at kapeng barako. At nawawala lang nang ilang araw kapag may pulong o pagtuturo.

Nang manalong pangulo si Rodrigo Duterte noong eleksyong 2016, nagpatawag ng pulong ang pambansang pamunuan ng KMU. Ipinangako

ni Duterte na ipapatigil niya ang kontraktwalisasyon kapag nahalal siya, at kinailangan ng KMU na maghanda at planuhin ang kampanya rito. Masigla ang talakayan sa kung paano palalakasin ang pakikibakang manggagawa at masa sa isyu.

Tahimik lang buong panahon si Ka Omeng, nakikinig. Nang patapos na, nagtanong siya “Pwede ba akong magsalita?” Matapos pahintulutan, tumayo siya, kaiba sa mga nagsalitang dumalo. Ang sabi niya, maalab gaya ng nakagawian, “Hindi mapapatigil ni Duterte ang kontraktwalisasyon. Itaga ninyo iyan sa bato. Diktang neoliberal iyan ng mga imperyalista at nagpapalaki ng tubo ng malalaking kapitalista.” Masiglang talakayan muli, at sang-ayon ang lahat.

Maraming matututunan dito. Ang pagsusulong ng kampanya sa iba’t ibang isyu, mainam maiharap sa mga limitasyong ipinapataw ng sistemang pampulitika at pang-ekonomiya sa katuparan ng mga panawagan. Pero mas madaling magagagap iyan ng mga mag-aaral, ng masa, sa proseso ng pagkilos, ng pakikibaka. Marami ang nagsimula sa paglaban para sa reporma na humahantong sa rebolusyunaryong pakikibaka.

Sa kanyang mga PowerPoint, paborito ni Ka Omeng, at tampulan ng tawanan ng mga estudyante, ang imahe ng mga pusang nag-armas at may hawak na baril.

“Ang materyal na pwera ay kailangang ibagsak ng materyal na pwera,” sabi nga ni Marx. At sinumang nangangarap ng lipunang tunay na demokratiko, kung saan masa at manggagawa ang nasa pamunuan, ay nakakaunawa na hindi kusang isusuko ng mga naghahari ang kapangyarihan.

Napakaraming tinuruan ni Ka Omeng ng mahalagang leksyon na iyan.

Unang inilathala sa PinoyWeekly, 07 Disyembre 2021. ✿

EILER

40 Taon ng Ekumenismo at Pakikiisa sa mga manggagawa

Ang apat na dekada ng Institusyong Ekumenikal para sa Pananaliksik at Paggawa ay kasaysayan ng walang humpay na pakikibaka para sa karapatan ng mga manggagawa. Ang EILER ay bahagi ng malawak na kilusang ekumenikal na layuning pagbuklurin ang lahat ng mga Kristiyano at denominasyong pananampalataya upang magpahayag ng pakikiisa para sa dignidad sa paggawa at karapatang pantao.

Ang ekumenismo sa Pilipinas ay umunlad sa pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig noong 1940s sa pagkakatatag ng United Church of Christ in the Philippines (UCCP), at noong 1960s nang mabuo ang National Council of Churches in the Philippines (NCCP).

Ang rurok ng mga nasyonalistang pagkilos noong dekada sisenta hanggang dekada sitenta ay nakaimpluwensya din sa kilusang ekumenismo na maging higit na aktibo sa mga isyung panlipunan nakakaapekto sa mga manggagawa, magsasaka, at iba pang aping sektor sa bansa. Naunawaan ng mga taong-simbahan na ang kahulugan ng pagsunod kay Kristo at pagmamahal sa kapwa ay pakikisangkot sa kanilang

kalagayan. Humantong ito sa radikalismong ng maraming taong-simbahan na siyang nagtulak sa pagbubuo ng Christians for National Liberation o CNL.

Nang ideklara ang Batas Militar noong 1972, lumaganap ang panunupil iba't-ibang paglabag sa karapatang pantao sa ilalim ng pasistang rehimen ni Marcos. Ang mga progresibong organisasyon at unyon ay itinuring na subersibo at ginawang ilegal.

Sa panahong ito, sinikap ng kilusang ekumenikal na magpanday ng mas matibay na ugnayan sa kilusang paggawa. Sa tulong ng mga taong-simbahan, nagawang basagin ng mga manggagawa ang pasistang katahimikan ng Martial Law at inilunsad ang unang matagumpay na welga sa La Tondeña noong 1975. Mula noon, naging aktibo ang mga taong-simbahan sa mga welga at piketlayn ng manggagawa.

Nagsilbing daan ang matibay na ugnayan ng kilusang ekumenikal at paggawa at ang aktibo nitong paglahok sa anti-diktaduryang kilusang masa sa pagkakatatag ng mga organisasyon. Malaki ang iniambag ng kilusang ekumenikal sa anti-

diktaduryang kilusan na humantong sa 1986 EDSA People Power Uprising na nagpatalsik kay Marcos.

Itinatag ang EILER noong 1981 bilang isang ekumenikal na institusyon ng mga manggagawa. Pinangunahan ng EILER ang malawakang edukasyong pang-manggagawa sa pamamagitan ng pangunahing kurso nito na Genuine Trade Unionism (GTU).

Ang EILER ay itinatag ng mga misyonaryo at tagapagtaguyod ng karapatan sa paggawa sa pangunguna ni Maurice Piers kasama si Sr. Cathy Serafica. Nagpatuloy ang paglawak nito nang sumanib si Sr. Emelina Villegas noong 1982, at sinundan nina Edberto Villegas, Fr. Arnold Van Vugt, Fr. Jo Dizon, Prof. Roland Simbulan, Peps Cunanan, at Bishop Robert Longid na unang naging Chairperson ng Board of Trustees.

Layuning pang-institusyon nito ang maging pangunahing rekursong at sentrong adbokasiya para sa malawak na hanay ng mga organisasyon ng manggagawa sa Pilipinas, at makipag-ugnayan sa iba pang mga maka-manggagawang institusyon at batayang organisasyon sa rehiyon ng Asya-Pasipiko.



Ang EILER ay tuloy-tuloy na gumagampan ng gawain sa edukasyong pang-manggagawa, pananaliksik, pagpapataas ng kapasidad, kampanya, at adbokasiya. Nakapaglimbag ito ng maraming materyales sa iba't-ibang porma at nakapag-prodyus ng mga dokumentaryo sa suliranin ng mga manggagawang Pilipino. Mahigpit na katuwang ng EILER ang mga unyon at pang-masang organisasyon sa Pilipinas, gayundin ang mga unyon sa iba't-ibang bansa, alinsunod sa misyon nito na mabigyan ng kapangyarihan ang mga manggagawang Pilipino at pagsusulong ng karapatan at kapakan sa paggawa sa buong mundo.

Isa rin ang EILER sa mga tagapagpulong ng Church People Workers Solidarity (CWS), Workers Resist Against Tyranny and Human Rights Violations (WRATH), at Labor Rights Defenders Network (LARD).

Nasaksihan ng pagpapaigting ng EILER sa ugnayan nito sa mga manggagawa at mga aping sektor, ang pagtindi ng atake sa mga taong-simbahan at tagapagtanggol ng karapatang pantao lalo na sa ilalim ng administrasyong Duterte.

Walang habas na pinagbabaril ang mga taong simbahan tulad nina Fr. Marcelino Paez, Fr. Mark Ventura, at Fr. Rey Urmeneta. Si Jimmy Teves, isang pastor ng UCCP, at dalawa pang miyembro nito ay inaresto sa

Negros Occidental noong 2019 sa mga huwad na akusasyon na sila diumano'y mga rebelde.

Naging laganap din ang red-tagging. Sapilitang pinaalis ng bansa noong 2018 si Sister Patricia Fox kahit na matagal na panahon na itong nagsisilbi sa bayan bilang isang human rights advocate. Ganito rin ang sinapit ng Dutch missionary at mananaliksik ng EILER na si Otto de Vries nang siya ay ipa-deport ng gobyerno noong 2021 sa kabila ng mahigit tatlong dekada na nitong pagsisilbi sa mga manggagawa.

Sa kabila ng mga atake, nagpapatuloy ang EILER at ang kilusang ekumenikal sa aktibong paglahok sa pakikibaka ng mga manggagawa.



Sa kasalukuyan, sa gitna ng bigong pagtugon ng gobyerno sa pandemya at krisis, ang EILER at iba pang pang-masang organisasyon ay umaksyon at nangalap at nagpaabot ng emergency relief para sa mga manggagawang apektado. Higit pa rito ay sumusuporta rin ang institusyon sa mga panawagan ng mga manggagawa tulad ng disenteng trabaho at karagandang sahod.

Ang EILER at kilusang ekumenikal ay nananatiling mahigpit na nakikiisa sa mga manggagawa't mamamayan upang isulong ang pagwawakas sa kontraktwalisasyon, pagtatatag ng isang pambansang minimum na sahod, at karapatan ng mga manggagawa na mag-organisa.

Patuloy na palakasin ang kilusang ekumenikal at kilusang paggawa upang wakasan ang pang-aapi at pagsasamantala,

Sa 40 taon na pag-iral ng EILER, natutunan nito na ang pinakamabisang sandata ng mga manggagawa ay ang kanilang kolektibong pagkilos, at tanging dito makakamit ang tunay na pagbabago. ⚙



Ang **DATOS** sa mga pagkilos ng mga manggagawa ay tulong babasahin na inilalathala ng Ecumenical Institute for Labor Education and Research (EILER) mula sa mga donasyon at suporta ng mga manggagawa at unyon.

“Sapagkat ang lalamanin lamang nito ay mga datos hinggil sa pakikipaglaban ng mga manggagawa - mula welga hanggang simpleng pagkilos - agad na makakakita ang kaibahan nito sa ibang babasahin... magsisilbi ang datos na ito para sa tuloy-tuloy na pagmumulat sa mga manggagawa.”
- July 1981 unang isyu.

Mangyaring ipasa o ibahagi sa kapwa manggagawa pagkatapos basahin.